Pagdagdag sa unang taning na panahon 第1期追加					

Bakuna ワクチンの種類		Petsa ng pagbabakuna Taon/Buwan/Araw (Edad) 接種年月日 (年齢)	Kompanyang gumawa / LOT Number メーカー/ロット	Pirma ng doktor 接種者署名	Mga pansin 備考
Human papilloma virus (HPV 2/4)  ヒトパピローマ ウイルス (HPV) (2価・4価)	Una 1回				
	Pangalawa 2回				
	Pangatlo 3回				

- Isagawa ang pagtatala dito sa anumang allergy na dulot ng mga gamot, pagkain o ibang pang mga bagay.
- 薬剤や食品などのアレルギー記入欄



## Talaan ng pagbabakuna (4)

### 予防接種の記録 (4)

Bakuna ワクチンの種類		Petsa ng pagbabakuna Taon/Buwan/Araw (Edad) 接種年月日 (年齢)	Kompanyang gumawa / LOT Number メーカー/ロット	Pirma ng doktor 接種者署名	Mga pansin 備考
Diphtheria / Tetanus ジフテリア・破傷風	Pangalawang baitang 第2期				
Japanese encephalitis 日本脳炎	Pangalawang baitang 第2期				

Bakuna ワクチンの種類		Petsa ng pagbabakuna Taon/Buwan/Araw (Edad) 接種年月日 (年齢)	Tagagawa o pangalan ng Tatak / Lot.No メーカー又は製剤名/ロット	Pirma ng doktor 接種者署名	Mga pansin 備考
Rotavirus ロタウイルス  (※) 5価経口弱毒生ロタウイルスワクチンのみ3回目を接種  (*）Pagbabakuna ng pangatlong dosis lamang na may 5-valent oral attenuated rotavirus vaccine	Unang beses 1回				
	Pangalawang beses 2回				
	Pangatlong beses (*) 3回 (※)				
Biki おたふくかぜ					
Trangkaso インフルエンザ					



# Halimbawa ng schedule sa pagbakuna

## 予防接種スケジュールの例

Ang markang [] sa ibaba ay naglalarawan ng isang halimbawa sa rekomendadong panahon para sa pagtanggap ng bakuna. Kumunsulta sa inyong doktor ukol sa mga bakunang dapat tanggap ng bata pati ang schedule ng pagtanggap nito. Ang numerong (1), (2) at iba pa, ay naglalarawan kung ilang beses isinagawa ang pagbakuna. (Halimbawa, ang ibig sabihin ng ① ay “unang beses” at ang ibig sabihin ng ② ay “pangalawang beses”).

予防接種のスケジュールは、それぞれの予防接種の望ましい接種時期の例を示しています。実際に接種する予防接種とスケジュールについては、かかりつけ医などと相談しましょう。

丸囲み数字 (①、②など) は、ワクチンの種類毎に接種の回数を示しています。

Uri 種類	Bakuna ワクチン	Panahon ng pagiging sanggol 乳児期									Panahon ng Late Infancy / Pre-school 幼児期						Panahon sa pagpasok sa Elementary School 学童期					
		2 buwan 2か月	3 buwan 3か月	4 buwan 4か月	5 buwan 5か月	6 buwan 6か月	7 buwan 7か月	8 buwan 8か月	9 buwan~ 9か月~	12 buwan~ 12か月~	15 buwan~ 15か月~	18 buwan~ 18か月~	2 taon 2歳	3 taon 3歳	4 taon 4歳	5 taon 5歳	6 taon 6歳	7 taon 7歳	8 taon 8歳	9 taon 9歳	10 taon~ 10歳~	
Ilinakdang pagbakuna 定期接種	Haemophilus influenzae Type b (Hib) インフルエンザ菌b型 (Hib)	①	②	③							④											
	Pediatric HepAivalent Pneumococcus Conjugate Vaccine 小児用肺炎球菌	①	②	③							④											
	Hepatitis B (HBV) B型肝炎	①	②				③															
	Diphtheria, Pertussis, Tetanus at Polyo (DPT-IPV) 四種混合 (DPT-IPV)		①	②	③						④											
	BCG					①																
	Tigdas at Rubella (MR) 麻疹・風しん(MR)										①					②						
	Bulutong tubig 水痘 (水ぼうそう)										①	②									9-12 taong-gulang (pangalawang lakda) 9~12歳 (2期)	
	Japanese Encephalitis 日本脳炎														① ②	③					④	
	Diphtheria at Tetanus (DT) 二種混合 (DT)																				11-12 taong-gulang (pangalawang lakda) 11~12歳 (2期)	①
Human Papilloma Virus (HPV) ヒトパピローマウイルス (HPV)																				13-14 taong-gulang 13~14歳	① ② ③	
Bolutaryo / Optional na pagbakuna 任意接種	Rotavirus ロタウイルス	Monovalent 1価	①	②																		
		Pentavalent 5価	①	②	③																	
	Biki おたふくかぜ									①					(2)						Mula sa ika-labintatlong taong-gulang 13歳より	
Trangkaso インフルエンザ																					Bawat taon (sa Oktubre, Novyembre at iba pa) 毎年①、② (10月、11月など)	①

(\*) Ang halimbawa ng schedule ng optional na pagbabakuna ay irirekomenda ng Japan Pediatric Society

(\*) 任意接種のスケジュール例については、日本小児科学会が推奨するもの

(\*) For rotavirus, vaccination is either an orally administered attenuated human rotavirus vaccine (monovalent) or an orally administered attenuated pentavalent rotavirus vaccine

(\*) ロタウイルスについては、経口弱毒生ヒトロタウイルスワクチン (1価) ・5価経口弱毒生ロタウイルスワクチン (5価) のいずれかを接種

(\*) Schedule ng pagbabakuna na inirekomenda ng Japan Pediatric Society

([http://www.jpeds.or.jp/modules/general/index.php?content\\_id=9](http://www.jpeds.or.jp/modules/general/index.php?content_id=9))

※日本小児科学会が推奨する予防接種スケジュール

([http://www.jpeds.or.jp/modules/general/index.php?content\\_id=9](http://www.jpeds.or.jp/modules/general/index.php?content_id=9))

\* Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pagbakuna, tingnan ang paksa kaugnay sa pagbakuna sa website ng National Institute of Infectious Disease (<https://www.niid.go.jp/niid/ja/schedule.html>)

※予防接種について詳しい情報はこちら

国立感染症研究所感染症疫学センター (<http://www.nih.go.jp/niid/ja/schedule.html>)

# Pagbabakuna

## 予防接種

### ◎Mga uri ng pagbabakuna (Abril 1, 2018 at kasalukuyan) 予防接種の種類 (平成30年4月1日現在)

May mga regular na pagbabakuna (ang mga kwalipikado dito ay magsikap na makapagbabakuna) na isinasagawa ng city/ward/town/village (munisipalidad) batay sa Batas sa Pagbabakuna, at optional na pagbabakuna na isinasagawa ng mga kwalipikado dito kung nanaisin nila. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga uri ng pagbabakuna at mga detalye ng tulong na ibinigay ng mga munisipalidad, suriin sa munisipalidad.

予防接種には、予防接種法に基づき市区町村が実施する定期接種（対象者は予防接種を受けるよう努力する）と、対象者の希望により行う任意接種があります。市区町村が実施する予防接種の種類や補助内容の詳細については、市区町村などに確認しましょう。

#### • Mga regular na pagbabakuna

##### 定期接種

Hib infection, Pediatric heptavalent pneumococcal conjugate vaccine, Diphtheria/Pertussis/Tetanus/ Polio (DPT-IPV), (o Diphtheria/Pertussis/Tetanus (DPT), Polio), Tigdas/Rubella (MR), Japanese Encephalitis, BCG (Tuberculosis), Human Papilloma Virus (HPV), Bulutong Tubig (Chicken pox), Hepatitis B.

Hib感染症、小児の肺炎球菌、ジフテリア・百日せき・破傷風・ポリオ (DPT-IPV) (又はジフテリア・百日せき・破傷風 (DPT)、ポリオ)、麻疹・風しん (MR)、日本脳炎、BCG (結核)、ヒトパピローマウイルス感染症 (HPV)、水痘 (水ぼうそう)、B型肝炎

#### • Pangunahing optional na pagbabakuna

##### 主な任意接種

Beke, Trangkaso, Rotavirus.

おたふくかぜ、インフルエンザ、ロタウイルス

#### \* Ang mga nakasalungguhit na pagbabakuna ay ang mga live vaccine na gumagamit ng mga buhay na bakterya o mga virus na may mababang pagkakalason o nabawasan na ang pagkalason.

Kinakailangan na mag-ingat dahil ang agwat sa pagitan ng susunod na mga pagbabakuna ay dapat na hindi bababa sa 27 araw (4 na linggo) (ang agwat sa pagitan ng mga hindi aktibo na bakuna ay mahigit 6 na araw (1 linggo)).

#### \* Kung kinakailangan, maaaring pagsabayin ang ilang uri ng bakuna sa isang iniksiyon, kaya makipag-usap sa doktor ng inyong pamilya.

※下線の予防接種は、毒性の弱い細菌・ウイルス、又は毒性を弱めた細菌・ウイルスを生きたまま使う生ワクチンです。次の予防接種を行う日までの間隔を27日間（4週間）以上空ける必要がありますので、注意が必要です（不活化ワクチンは次の予防接種までの間隔は6日（1週間）以上）。

※必要な場合は、複数のワクチンを同時に接種することが可能ですので、かかりつけ医と相談しましょう。

### ◎Panahon ng pagpapabakuna 予防接種を受ける時期

Ang mga bakuna na isinasagawa ng mga munisipyo ay itinakda ayon sa uri ng pagbabakuna at ang nilalaman ng pagbabakuna, pati na rin ang inirekumandang panahon para sa pagbabakuna.

Ang inirekumandang oras para sa bawat pagbabakuna ay itinakda bilang pagsasaalang-alang sa paghina ng epekto ng immune na ibinigay ng ina sa sanggol, edad kung saan ang bata ay madaling kapitan ng impeksyon, at edad kung saan madaling lumubha ang batang naimpeksyon atbp.

May ilang mga pagbabakuna na inirerekomenda mula sa ikalawang buwan ng kapanganakan, kaya mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa mga munisipyo, Comprehensive Support Center para sa pamilyang nagpapalaki ng bata, public health center, health center ng munisipalidad, at inyong doktor.

市区町村が実施している予防接種は、予防接種の種類、実施内容とともに、接種の推奨時期についても定められています。それぞれの予防接種を実施する推奨時期は、お母さんから赤ちゃんにあげていた免疫効果の減少、感染症にかかりやすい年齢、かかった場合に重症化しやすい年齢などを考慮して設定されています。生後2か月から接種が勧められるものもあるので、早めに、市区町村、子育て世代包括支援センター、保健所、市町村保健センター、かかりつけ医に問い合わせましょう。

### ◎Sa oras ng pagbabakuna 予防接種を受ける時に

Bago magbabakuna, sukatin ang temperatura ng katawan, basahing mabuti ang mga tala ng pag-iingat, punan nang tama ang kinakailangang impormasyon, at dalhin ito kasama ng "Gabay sa kalusugan ng ina at sanggol". Ang magulang/tagapangalaga na higit na nakakaalam ng kalusugan ng bata ang magdala sa bata, at ihingi ng payo sa iyong doktor ang anumang mga alalahanin.

予防接種を受けに行く前に、体温を計り、予診票の注意事項をよく読み、予診票に必要事項を正確に記入して、母子健康手帳とともに持って行き、子どもの健康状態をよく知っている保護者が連れて行き、不安なことがある場合は、医師に相談しましょう。

## ◎Maaaring hindi mabakunahan 予防接種を受けられないことがあります

Kung masama ang pakiramdam, ang pagbabakuna ay maaaring magpalala ng sakit o makadagdag ng mga side effects. Ang iyong anak ay maaaring hindi mabakunahan kung tutugma sila sa sumusunod.

からだの調子が悪い場合には、予防接種を受けたために病気が悪化したり、副反応が強くなったりすることがあります。子どもが下記のような場合には、予防接種を受けられないことがあります。

1. May lagnat o may malalang sakit  
熱がある、又は急性の病気にかかっている
2. Nakatanggap ng parehong bakuna sa nakaraan at nakaranas ng mga abnormalidad  
過去に同じ予防接種を受けて異常を生じたことがある
3. May allergy sa gamot o pagkain atbp.  
特定の薬物や食品等にアレルギーがある

Bukod dito, may iba pang mga bagay na hindi nararapat bakunahan Mayroon ding mas mabuting mabakunahan kahit na may sakit pa, kaya kumunsulta sa inyong doktor na higit na nakakaalam sa kalusugan ng inyong anak.

これ以外にも予防接種を受けるのに不適當な場合もあります。また、病気があっても受けた方がよい場合もありますので、子どもの健康状態をよく知っているかかりつけ医に相談しましょう。

## ◎Pagkatapos ng pagbabakuna 予防接種を受けた後に

Ang mga malubhang reaksiyon ay madalas na nangyayari sa loob ng 30 minuto pagkatapos ng pagbabakuna, kaya't sa oras na iyon, obserbahan ang bata sa loob ng mga medical institution atbp. o siguruhing makokontakt kaagad ang doktor. Maaaring maligo, huwag lang kukuskusin ang lugar ng iniksiyon. Iwasan ang matinding ehersisyo sa araw ng pagbabakuna. Kung mayroong mataas na lagnat, kinokombulsyon o anumang mga abnormalidad, magpatingin kaagad sa doktor.

Sa anumang pagkakataon, kung magkaroon ng pinsala sa kalusugan dahil sa pagbabakuna, mayroong sistema ng kompensasyon. Gayundin, ang mga record ng pagbabakuna ay itinatala sa “Gabay sa kalusugan ng ina at sanggol” at naiisyuhan ng mga sertipiko ng pagbabakuna. Gayunpaman, gagamitin ito para sa medikal na pagsusuri sa paaralan o paglalakbay sa ibang bansa atbp. kaya't ingatan at itabi ito ng maayos.

\* Ang sistema upang malutas ang pinsala sa kalusugan na dulot ng pagbabakuna (sa kaso ng mga regular na pagbabakuna na ipinatupad ng mga munisipyo batay sa Batas sa Pagbabakuna.)

Tingnan sa([http://www.mhlw.go.jp/bunya/kenkou/kekkaku-kansenshou20/kenkouhigai\\_kyusai/](http://www.mhlw.go.jp/bunya/kenkou/kekkaku-kansenshou20/kenkouhigai_kyusai/))

\* Ang sistema upang maibsan ang mga epekto ng mga gamot (sa kaso ng optional na pagbabakuna na isinagawa sa kahilingan ng taong kwalipikado sa bakuna)

Tingnan sa ([http://www.pmda.go.jp/kenkouhigai\\_camp/index.html](http://www.pmda.go.jp/kenkouhigai_camp/index.html))

重篤な副反応は、予防接種後30分以内に生じることが多いため、その間は、医療機関等で様子を見るか、又は医師とすぐに連絡をとれるようにしておきましょう。入浴は差し支えありませんが、注射した部位をわざとこすることはやめましょう。接種当日は、はげしい運動はさけましょう。高い熱が出たり、ひきつけを起こしたり異常が認められれば、すぐに医師の診察を受けましょう。

万が一、予防接種で健康被害が生じた場合は、補償制度があります。また、接種の記録として母子健康手帳へ記入されたり、予防接種済証が発行されたりしますが、就学時健康診断や海外渡航などの際に活用されますので、大切に保管しましょう。

※予防接種健康被害救済制度（予防接種法に基づき市区町村が実施する定期接種の場合）

([http://www.mhlw.go.jp/bunya/kenkou/kekkaku-kansenshou20/kenkouhigai\\_kyusai/](http://www.mhlw.go.jp/bunya/kenkou/kekkaku-kansenshou20/kenkouhigai_kyusai/))

※医薬品副作用被害救済制度（対象者の希望により行う任意接種の場合）

([http://www.pmda.go.jp/kenkouhigai\\_camp/index.html](http://www.pmda.go.jp/kenkouhigai_camp/index.html))

## ◎Kung hindi nabakunahan sa itinalagang petsa at oras

指定された日時に受けられなかった場合

Sa pagbabakuna, may mga bakuna na dapat ibigay ng maraming beses. Kung hindi makapagpapabakuna sa itinalagang araw, kumonsulta sa inyong doktor.


予防接種には、複数にわたって受けなければならないものもあります。指定日に接種を受けられなかったときには、かかりつけ医に相談しましょう。

Mga batang lalaki

## Kurba ng paglaki ng bata

男の子 成長曲線

(Isinagawa noong Pebrero 2004)  
(平成16年2月作成)



○Isulat ang sukat o taas pati ang timbang at suriin ang paglaki ng bata.

- Pumapailalim ba sa itinakdang tamang kurba ng paglaki ang taas at timbang ng inyong anak?
- Masyado bang mataas ang linyang nagpapahayag sa timbang ng bata?
- Bumaba ba ang timbang ng bata?

○身長と体重を記入して、その変化を見ましょう。


- 身長、体重は、曲線のカーブにそっていますか。
- 体重は、異常に上向きになっていませんか。
- 体重、は低下していませんか。

Mga batang babae

## Kurba ng paglaki ng bata

女の子 成長曲線

(Isinagawa noong Pebrero 2004)  
(平成16年2月作成)



Ang gitnang kurba (50 porsiyentong kurba) ay nasa normal na kurba ng paglaki.  
成長曲線のまんなかの曲線 (50のカーブ) が標準の成長曲線です。

Basehan o reference: Report on the Conference on the Ideal Healthy Development of Children through Food (mula sa Nutrition Education Perspective)

(出展) 「食を通じた子どもの健全育成 (—いわゆる「食育」に視点から—) のあり方に関する検討会」報告書  
(<https://www.mhlw.go.jp/shingi/2004/02/s0219-4.html>)





## Pagsusuri sa ngipin, pamamatnubay para sa kalusugan at pangontrang pag-alaga

### 歯の健康診査、保健指導、予防処置

Mga tatak ay nagpakita: Malusog na mga ngipin “/”, Mga ngiping hindi pa ipinapagamot “C”, Ginagamot na mga ngipin “○”, Natanggal ng ngipin “△”

歯に状態記号: 健全歯 / むし歯 (未処置歯) C 処置歯 ○ 喪失歯 △

6	5	4	3	2	1	1	2	3	4	5	6	Edad ng Pinapatingnan: Taon at Buwan 診査時年齢 歳 か月
												Pamamatnubay para sa kalusugan (Binigay / Di-binigay) 保健指導 (有・無)
	E	D	C	B	A	A	B	C	D	E		Pangontrang pag-alaga (Binigay / Di-Binigay) 予防処置 (有・無) Gilagid/Latad (Walang abnormalidad / May abnormalidad: _____) 歯肉・粘膜 (以上なし・あり)
	E	D	C	B	A	A	B	C	D	E		Occlusion (Karaniwan/Nangangailangang subaybayan: _____) かみ合わせ (よい・経過観察)
												Ayos/kulay ng mga ngipin (Walang abnormalidad / May abnormalidad: _____)
6	5	4	3	2	1	1	2	3	4	5	6	歯の形態・色調 (異常なし・あり)
												Iba pa その他
Sinusuri sa		(Taon)		(Buwan)		(Araw)						
		年		月		日						
Pangalan ng medikal na institusyon o dentista												
診査施設名または歯科医師名												

6	5	4	3	2	1	1	2	3	4	5	6	Edad ng Pinapatingnan: Taon at Buwan 診査時年齢 歳 か月
												Pamamatnubay para sa kalusugan (Binigay / Di-binigay) 保健指導 (有・無)
	E	D	C	B	A	A	B	C	D	E		Pangontrang pag-alaga (Binigay / Di-Binigay) 予防処置 (有・無) Gilagid/Latad (Walang abnormalidad / May abnormalidad: _____) 歯肉・粘膜 (以上なし・あり)
	E	D	C	B	A	A	B	C	D	E		Occlusion (Karaniwan/Nangangailangang subaybayan: _____) かみ合わせ (よい・経過観察)
												Ayos/kulay ng mga ngipin (Walang abnormalidad / May abnormalidad: _____)
6	5	4	3	2	1	1	2	3	4	5	6	歯の形態・色調 (異常なし・あり)
												Iba pa その他
Sinusuri sa		(Taon)		(Buwan)		(Araw)						
		年		月		日						
Pangalan ng medikal na institusyon o dentista												
診査施設名または歯科医師名												

## Mga puna o obserbasyon

### 予備欄

## Para sa malusog na pagbubuntis at panganganak

### すこやかな妊娠と出産のために

#### ◎Pang-araw-araw na pamumuhay sa panahon ng pagbubuntis

##### 妊娠中の日常生活

Habang lumalaki ang sanggol sa tiyan, ang iba't ibang mga pagbabago ay nangyayari sa katawan ng ina sa panahon ng pagbubuntis. Sa partikular, hanggang sa tungkol sa 11 linggo ng pagbubuntis (3 buwan) at pagkatapos ng 28 linggo ng pagbubuntis (8 buwan), ang kondisyon ng katawan ay madaling magbago kaya't bigyang-pansin ang kung paano magtatrabaho, magpapahinga (Halimbawa, humiga muna sandali para makapahinga sa pagitan ng gawaing bahay o trabaho), at kumain. Kailangang maging mas malusog kaysa sa dati, at kung nakakaranas ka ng pagdurugo, pagkabiyaq ng lamad, pagkakahigpit ng tiyan o sakit, o nabawasan ang mga paggalaw ng matris, magpatingin kaagad sa mga pagamutan.

妊娠中の母体には、おなかの赤ちゃんの発育が進むにつれて様々な変化が起こってきます。特に妊娠11週(3か月)頃までと妊娠28週(8か月)以降は、からだの調子が変わりやすい時期なので、仕事のしかたや、休息の方法(例えば家事や仕事の合間に、少しの時間でも横になって休むなど)、食事のとり方などに十分注意しましょう。普段より一層健康に気をつけ、出血、破水、おなかの強い張りや痛み、胎動の減少を感じたら、すぐに医療機関を受診しましょう。

#### ◎Magpasuri ng kalusugan at humingi ng gabay sa kalusugan mula sa espesyalista

##### 健康診査や専門家の保健指導を受けましょう

Sa panahon ng pagbubuntis, kahit na hindi ka nababagabag, kumuha ng pagsusuri sa kalusugan para sa mga buntis na kababaihan ng hindi bababa sa isang beses sa isang buwan (higit sa 2 beses sa isang buwan pagkatapos ng 24 na linggo ng pagbubuntis (7 buwan) at isang beses sa isang linggo pagkatapos ng 36 na linggo ng pagbubuntis (10 buwan). At, ipasuri ang kalagayan ng pangsanggol at ang iyong kalusugan (presyon ng dugo, ihi, atbp.).

Upang magkaroon ng malusog at ligtas na panganganak, kailangang bigyang pansin ang pang-araw-araw na pamumuhay, nutrisyon, kapaligiran at iba pang mga bagay. Aktibong humingi ng gabay mula sa mga doktor, dentista, komadrona, nars sa kalusugan ng publiko, mga dental hygienist, dietitians atbp., at huwag mag-atubiling ihingi ng payo ang mga alalahanin tungkol sa pagbubuntis o panganganak, o may mga stress sa bahay o sa trabaho. Ang kapaki-pakinabang na impormasyon ay ibinibigay sa mga klase para sa mga ina at mga klase para sa mga magulang.

Kung bumalik ka sa bahay bago o pagkatapos manganak (umuwi sa bahay ng magulang para sa panganganak atbp.), hangga't maaari ay makipag-ugnay agad sa pasilidad ng pag-aanakan, at kumonsulta sa mga kawani ng kalusugan ng ina at bata sa inyong munisipyo kung saan ka nakatira at kung saan ka uuwi para sa mga pamamaraan.

妊娠中は、特に気がかりなことがなくても、少なくとも毎月1回(妊娠24週(7か月)以降には2回以上、さらに妊娠36週(10か月)以降は毎週1回)妊婦健康診査を受けて、胎児の育ち具合や、自身の健康状態(血圧、尿など)をみてもらいましょう。

健康で無事な出産を迎えるためには、日常生活、栄養、環境その他いろいろなことに気を配る必要があります。医師、歯科医師、助産師、保健師、歯科衛生士、管理栄養士などの指導を積極的に受け、妊娠、出産に関して悩みや不安があるとき又は家庭、職場でストレスがあるときなどは遠慮せずに相談しましょう。母親学級、両親学級でも役に立つ情報を提供しています。

出産前後に帰省する(里帰り出産など)場合は、できるだけ早期に分娩施設に連絡するとともに、住所地と帰省地の市区町村の母子保健担当に手続きなどを相談しましょう。

- \* Ang sumusunod na mga abnormalidad ng pagbubuntis (mga sakit) ay maaaring matagpuan bilang resulta ng pagsusuri sa pagbubuntis.
- Miscarriage/nakunan: Ito ay kondisyon na natatapos ang pagbubuntis sa loob ng wala pang 22 linggo ng pagbubuntis. Ang mga sintomas tulad ng pagdurugo ng ari at sakit sa ibabang tiyan/puson ay nangyayari. Kahit na walang tiyak na dahilan ang mga miscarriage sa unang bahagi ng pagbubuntis ay sinasabing nangyayari ito sa halos 10 ~ 15% ng mga pagbubuntis. Kung mahigit 2 beses ng nakukunan, maaaring kailanganin ang pagpapasuri at pagpapagamot.
- Anemia: Sa panahon ng pagbubuntis, sinasabing ang dugo ay lumalabnaw at madaling maging anemic. Kumain ng mga pagkaing mayaman sa iron bilang paghahanda sa panganganak. Sa pinakamasamang kaso, kakailanganin ang pagpapagamot.
- Threatened premature delivery: Ito ay isang kondisyon na maaaring manganak nang mas maaga kaysa sa normal (pagkatapos ng 37 linggo ng pagbubuntis). Ang mga sintomas tulad ng sakit sa ibabang bahagi ng tiyan/

puson, pagdugo ng ari, at premature rupture ng lamad ay nangyayari. Magbibigay ng instruksyon sa pagpapahinga at pag-inom ng gamot.

- Gestational diabetes: Sa panahon ng pagbubuntis, kahit na hindi nabanggit dati, ang kondisyon ay maaaring tulad ng diabetes, na nangangailangan ng diyeta at kontrol ng blood sugar.
- Pregnancy hypertension syndrome (toxemia ng pagbubuntis): Ang kondisyon na nakikita ang mataas na presyon ng dugo at protina sa ihi. Ang mga sintomas ay maaaring lumala ng biglaan, kaya't lubos na mag-ingat kung mayroong mga sintomas tulad ng "pagpapatuloy ng matinding sakit ng ulo" o "kumukurap- kurap ang mata".
- Preplacenta: Ang inunan ay mas mababa kaysa sa normal at maaaring hinaharangan ang labasan ng matris. Maaaring maging sanhi ng maraming pagdurugo. Ang seksyon ng caesarean ay kakailanganin sa panganganak.
- Maagang pagkalaglag ng placental: Ang inunan, na nagbibigay ng oxygen at nutrients sa sanggol, ay natanggal mula sa matris bago ipanganak (paghihiwalay). Ang sanggol ay kukulangin sa oxygen kaya't maaaring kailanganin na mai-deliver kaagad. Ang pangunahing sintomas ay ang pagsakit ng tiyan at pagdurugo ng ari, maaari ding hindi maramdaman ang paggalaw ng bata sa sinapupunan.

※妊婦健康診査をきっかけに、下記のような妊娠中の異常（病気）が見つかることがあります。

- 流産：妊娠22週未満に妊娠が終了してしまう状態です。性器出血や下腹部痛などの症状が起こります。妊娠初期の流産は特に原因がなくても、妊娠の約10～15%に起こるとされています。2回以上流産を繰り返す場合は、検査や治療が必要な場合があります。
- 貧血：妊娠中は血が薄まって貧血になりやすいとされています。出産に備え、鉄分を多く含む食事を取りましょう。ひどい場合には、治療が必要になります。
- 切迫早産：正常な時期（妊娠37週以降）より早くお産になる可能性がある状態です。下腹部痛、性器出血、前期破水などの症状が起こります。安静や内服などの指示が出されます。
- 妊娠糖尿病：妊娠中は、それまで指摘されていないでも糖尿病のような状態になり、食事療法や血糖管理が必要となることがあります。
- 妊娠高血圧症候群（妊娠中毒症）：高血圧と尿蛋白がみられる状態です。急に症状が悪化することがあり、「強い頭痛がつづく」「目がちかちかする」といった症状がある場合などは要注意です。
- 前置胎盤：胎盤の位置が正常より低く、子宮の出口をふさいでいる場合をいいます。大出血を起こすことがあります。出産時には帝王切開が必要になります。
- 常位胎盤早期剥離：赤ちゃんに酸素や栄養を供給する胎盤が、出産前に子宮からはがれて（剥離）しまう状態です。赤ちゃんは酸素不足になるため、早急な分娩が必要になることがあります。主な症状は腹痛と性器出血ですが、胎動を感じにくくなることもあります。

## ◎Tungkol sa mga panganib sa pagbubuntis 妊娠中のリスクについて

Ang mga tumutugma sa sumusunod ay karaniwang nasa mataas na panganib na magkaroon ng mga abnormalidad (sakit) sa panahon ng pagbubuntis at panganganak. Kung mayroong anumang mga alalahanin, kumunsulta sa mga pagamutan.

下記の項目に当てはまるものがある方は、一般に妊娠中や出産時に異常（病気）を起こすリスクが高いとされています。心配なことがある場合には、医療機関などに相談しましょう。


Kabataan (wala pang 20 taong gulang), mga may edad na (higit sa 40 taong gulang), mababang height (walang 150 cm), labis na katabaan (higit sa 25 ang BMI), pag-inom, paninigarilyo, maraming beses na panganganak, pagbubuntis dahil sa mga fertility treatment, diabetes, sakit sa bato atbp., at nagkaroon ng mga problema sa nakaraang pagbubuntis at pagdi-deliver ng bata  
若年 (20歳未満)、高年 (40歳以上)、低身長 (150cm未満)、肥満 (BMI25以上)、飲酒、喫煙、多胎、不妊治療での妊娠、糖尿病・腎臓病などの病気がある、過去の妊娠・分娩で問題があった

## ◎Kagnay sa paglaki ng sanggol sa tiyan ng nagbubuntis

### 胎児の発育について

Ang tantiyadong bigat o timbang ng sanggol na nasa loob ng tiyan ay sinusukat sa pamamagitan ng ultrasound test na isinasagawa sa oras na magpasuri ang mga nagbubuntis. Isulat ang tantiyadong timbang sa fetal growth curve at suriin ang paglaki ng inyaong sanggol.

妊婦健康診査の超音波検査により、胎児の推定体重を計算することができます。推定体重を胎児の発育曲線に書き入れて赤ちゃんの発育の様子を確認してみましょう。



Ang tantiyadong bigat sa bilang ng linggo ng pagbubuntis ng humingit-kumulang sa 95.4 porsiyento ng mga sanggol ay pumapailalim sa pagitan ng dalawang kurba o linya. Kung kayo ay may pag-aalala, sumangguni sa pagamutan at iba pa.

Basehan o reference: “Tantiya sa bigat at kurba sa paglaki ng sanggol sa tiyan ng nagbubuntis” ng Health Guidance Manual

この曲線の、上下の線の間約95.4%の赤ちゃんの妊娠週数別推定体重が入ります。心配なことがあれば、医療機関等に相談しましょう。

(出典)「推定胎児体重と胎児発育曲線」保健指導マニュアル

## ◎Pagpapanatili ng malusog na ngipin sa panahon ng pagbubuntis

### 妊娠中の歯の健康管理

Sa panahon ng pagbubuntis, mahirap na magsipilyo nang mabuti dahil sa mga pagbabago sa kondisyon ng katawan tulad ng pagsusuka atbp., at nagbabago rin ang hormonal balance at diyeta, kaya't panahon ito na madaling nagkakaroon ng periodontitis at cavities. Upang mapanatiling malinis ang bibig, bilang karagdagan sa pang-araw-araw na pangangalaga ng ngipin, regular na bumisita sa dentista upang mapabuti ang kapaligiran ng bibig at kung kakailanganin, gawin ang pagpapagamot sa ngipin sa panatag na panahon ng pagbubuntis (humigit-kumulang 4-8 buwan). Ang mga hindi magagandang kondisyon sa bibig ay maaaring makaapekto sa sanggol na ipapanganak.

妊娠中はつわりなどの体調の変化で丁寧な歯みがきが難しく、ホルモンのバランスや食生活も変化するため、歯周炎やむし歯が進行しやすい時期です。お口の中を清潔に保つため、日常の口腔ケアに加えて定期的な歯科受診により口の中の環境を整え、必要があれば妊娠安定期（概ね4～8か月）に歯科治療を行いましょう。口の中の環境が悪いと生まれてくる赤ちゃんに影響の出ることがあります。

## ◎Protektahan ang iyong sanggol mula sa pinsala ng mga sigarilyo at alak

### たばこ・お酒の害から赤ちゃんを守りましょう

Ang paninigarilyo sa panahon ng pagbubuntis ay nagiging sanhi ng premature na panganganak, pagkawak ng lamad, at maagang pagkalaglag ng placenta, at may negatibong epekto sa pagbuo ng sanggol sa sinapupunan. Ang paninigarilyo malapit sa mga buntis na kababaihan at mga sanggol ay kilala na nauugnay sa sindrom ng biglaang pagkamatay ng sanggol (SIDS). Ang mga nagbubuntis, siyempre, ay hindi dapat manigarilyo, gayundin ang mga ama at iba pang taong nakapaligid ay hindi dapat manigarilyo malapit sa mga buntis o mga sanggol.

May mga ina na nagpapatuloy sa paninigarilyo pagkatapos manganak. Kahit nakapanganak na, iwasan ang mga sigarilyo para sa iyong sarili at sa iyong anak. Gayundin, ang alkohol ay nakakaapekto sa pag-unlad (lalo na sa utak) ng sanggol sa sinapupunan. Itigil ang pag-inom ng alak sa panahon ng pagbubuntis. Kahit nakapanganak na, iwasan ang pag-inom ng alak habang nagpapasuso.

妊娠中の喫煙は、切迫早産、前期破水、常位胎盤早期剥離を起こりやすくし、胎児の発育に悪影響を与えます。妊婦や赤ちゃんのそばでの喫煙は乳幼児突然死症候群（SIDS）と関係することが知られています。妊婦自身の禁煙はもちろぬのこと、お父さんなど周囲の人も、妊婦や赤ちゃんのそばで喫煙してはいけません。

出産後に喫煙を再開してしまうお母さんもいます。出産後もお母さん自身やお子さんのために、たばこは控えましょう。また、アルコールも胎児の発育（特に脳）に悪影響を与えます。妊娠中は、全期間を通じて飲酒をやめましょう。出産後も授乳中は飲酒を控えましょう。

## ◎Pag-iwas sa mga nakakahawang sakit sa panahon ng pagbubuntis

### 妊娠中の感染症予防について

Sa panahon ng pagbubuntis, ang iyong immunity sa sakit ay nabawasan at mas madaling kapitan ng mga impeksyon. Ang mga epektibong gamot ay maaaring hindi magamit sa panahon ng pagbubuntis dahil sa epekto nito sa sanggol. Laging mag-iwas sa impeksyon sa pamamagitan ng paghuhugas ng mga kamay at pagmumungog. Bilang karagdagan, ang ilang microorganism (bakterya, mga virus atbp.) ay maaaring maisalin ng ina sa sanggol, at sa mga bihirang kaso ang bata ay maaaring maapektuhan. Sa mga pagsusuri sa kalusugan ng mga buntis ay maaaring malaman kung may nakakahawang sakit, at sa pamamagitan ng pagpapagamot ay naiwas sa impeksyon ang sanggol kaya't magpasuri ng husto.

May mga nakakahawang sakit na hindi pa natutuklasan, at mayroon ding hindi pa karaniwang nasusuri. Kung nakahawak ka sa laway, tae o ihi ng mga bata o hayop, hugasang mabuti ang iyong mga kamay.

\* Mga nakakahawang sakit na nalalaman sa pagsusuri sa kalusugan ng buntis

Tingnan sa([http://www.mhlw.go.jp/bunya/kodomo/boshi-hoken16/dl/06\\_1.pdf](http://www.mhlw.go.jp/bunya/kodomo/boshi-hoken16/dl/06_1.pdf))

\* National Institute of Infectious Diseases Tingnan sa(<http://www.nih.gov.jp/niid/ja/route/maternal.html>)

\* 5 Artikulo ng Hakbang sa Pag-iwas sa Impeksyon ng Bata at Ina

Tingnan sa(<http://www.jspnm.com/topics/data/topics20130515.pdf>)

妊娠中は、免疫力が低下して感染症にかかりやすくなっています。妊娠中は赤ちゃんへの影響も考えて有効な薬が使えないことがあります。日頃から手洗い、うがいなど感染予防に努めましょう。

また、何らかの微生物（細菌、ウイルスなど）がお母さんから赤ちゃんに感染し、まれに赤ちゃんに影響が起きることがあります。妊婦健康診査では、感染症の有無を調べることができるものもあり、治療を受けることで赤ちゃんへの感染を防ぐことができるものもあるのできちんと受診しましょう。

まだ発見されていない感染症や検査が一般に行われない感染症もあります。子どもや動物のだ液や糞尿に触れた場合には、よく手洗いをしましょう。

※妊婦健康診査で調べる感染症 ([http://www.mhlw.go.jp/bunya/kodomo/boshi-hoken16/dl/06\\_1.pdf](http://www.mhlw.go.jp/bunya/kodomo/boshi-hoken16/dl/06_1.pdf))

※国立感染症研究所 (<http://www.nih.go.jp/niid//ja/route/maternal.html>)

※赤ちゃんとお母さんの感染予防対策5ヶ条 (<http://www.jspnm.com/topics/data/topics20130515.pdf>)

## ◎Tungkol sa paggamit ng gamot sa panahon ng pagbubuntis, panganganak at pagpapagatas

妊娠・出産・授乳中の薬の使用について

Kailangang kumonsulta sa doktor, dentista, pharmacist atbp. tungkol sa paggamit ng gamot sa panahon ng pagbubuntis o pagpapagatas. Maaaring mapanganib na ihinto ang paggamit ng gamot, baguhin ang paggamit at dosis ayon sa iyong sariling saloobin kaya't sundin ang dosis at paggamit na tinukoy ng iyong doktor at gamitin ng wasto.

\* Ang "Pregnancy and Drug Information Center" (<http://www.ncchd.go.jp/kusuri/>) ay nagbibigay ng impormasyon sa paggamit ng mga gamot sa panahon ng pagbubuntis, kaya kumonsulta sa iyong doktor.

Gayundin, tanungin ang mga doktor tungkol sa pangangailangan, epekto, side effects atbp. ng mga gamot na ginagamit sa panganganak, tulad ng mga gamot na pampahilab.

\* website ng Pharmaceutical and Medical Device Agency (<https://www.pmda.go.jp/PmdaSearch/iyakuSearch/>), maaaring i-search ang insert ng package ng bawat indibidwal na gamot.

妊娠中や授乳中の薬の使用については、必ず医師、歯科医師、薬剤師等に相談しましょう。自分の考えで薬の使用を中止したり、用法、用量を変えたりすると危険な場合があるので、医師から指示された用量、用法を守り適切に使用しましょう。

※「妊娠と薬情報センター」(<http://www.ncchd.go.jp/kusuri/>)において、妊娠中の薬の使用に関する情報提供が実施されていますので、主治医と相談しましょう。

また、子宮収縮薬などの出産時に使用される医薬品についても、その必要性、効果、副作用などについて医師から十分な説明を受けましょう。

※ (独) 医薬品医療機器総合機構のWebサイト (<https://www.pmda.go.jp/PmdaSearch/iyakuSearch/>) から、個別の医薬品の添付文書を検索することができます。



## ◎Tungkol sa painless delivery 無痛分娩について

Ito ay isang paraan ng pagpapagaan sa sakit ng pagli-labor sa pamamagitan ng paggamit ng pampamanhid/ anestisyas sa oras ng panganganak. Sa mga nag-iisip ng painless delivery, sumangguni sa URL sa ibaba upang maunawaan ang sistema ng paggagamot sa iba't ibang institusyong medikal, kumonsulta sa iyong doktor, at pumili ng paraan ng pagdi-deliver na gagawin.

\* Ministry of Health, Labor and Welfare Tungkol sa painless delivery Tingnan sa(<https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/0000186912.html>)

\* Mga samahan at organisasyon ng pag-aaral tungkol sa painless delivery / Group Liason Council "Impormasyon tungkol sa painless delivery" atbp. (<https://www.jalosite.org/>)

\* Japan Society for Obstetric Anesthesia and Perinatology Painless delivery Q&A Tingnan sa([http://www.jsoup.com/pompier\\_painless.html](http://www.jsoup.com/pompier_painless.html))

経膈分娩の際、麻酔薬を使用し、陣痛の痛みを和らげる方法です。無痛分娩を検討される方は、下記のURLを参照するなど、各医療機関の診療体制をよく理解した上で、担当医と相談し、分娩の方法を選びましょう。

※厚生労働省「無痛分娩について」(<https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/0000186912.html>)

※無痛分娩関係学会・団体連絡協議会「無痛分娩に関する情報」など (<https://www.jalosite.org/>)

※日本産科麻酔学会無痛分娩Q&A ([http://www.jsoup.com/pompier\\_painless.html](http://www.jsoup.com/pompier_painless.html))

## ◎Tungkol sa paggamit ng seat belt sa panahon ng pagbubuntis

### 妊娠中のシートベルト着用について

Ang paggamit ng seat belt sa upuan ay ipinag-uutos/mandatory para sa lahat ng mga upuan, kabilang ang backseat. Kahit na sa panahon ng pagbubuntis, ang pagsusuot ng seat belt nang maayos ay puprotekta sa ina at sanggol mula sa mga kahihinatnan ng aksidente sa trapiko. Gayunpaman, ang kondisyon ng pagbubuntis ay magkakaiba ayon sa indibidwal, kaya ipasuri sa iyong doktor upang matiyak kung ang pagsuot ng seat belt ay angkop para sa pagpapanatili ng iyong kalusugan.

Sa panahon ng pagbubuntis, kinakailangan ang wastong pagsusuot ng seat belt upang mabawasan ang epekto ng aksidente sa sanggol na dinadala, huwag lamang belt pang-baywang ang isuot, kundi isusuot pareho ang belt pang-baywang at pang-balikat, at tiyaking hindi tinatawid ng belt ang lumaking tiyan.

\* Paraan ng wastong pagsusuot ng seat belt sa panahon ng pagbubuntis Tingnan sa(<https://www.npa.go.jp/bureau/traffic/anzen/seatbelt.html>)

シートベルトの着用は、後部座席を含む全座席について義務付けられています。妊娠中であっても、シートベルトを正しく着用することにより、交通事故に遭った際の被害から母体と胎児を守ることができます。ただし、妊娠の状態は個人により異なりますので、シートベルトを着用することが健康保持上適切かどうか、医師に確認するようにしましょう。

妊娠中は、事故などの際の胎児への影響を少なくするために、腰ベルトのみの着用は行わず、腰ベルトと肩ベルトを共に着用し、大きくなった腹部をベルトが横切らないようにするなど、正しくシートベルトを着用することが必要です。

※妊娠中の正しいシートベルトの着用方法 (<https://www.npa.go.jp/bureau/traffic/anzen/seatbelt.html>)



- Parehong isuot ang belt pang-baywang at pang-balikat.  
腰ベルト・肩ベルト共に着用する。
- Ang belt pang-balikat ay hindi dapat nakahalang sa leeg.  
肩ベルトは首にかからないようにする。
- Ang belt pang-balikat ay dadaan sa pagitan ng dibdib papuntang gilid ng tiyan.  
肩ベルトは胸の間を通し、腹部の側面に通す。
- Iiwas sa nakabukol na tiyan ang belt pang-baywang at idaan ito sa pinakamababang bahagi ng buto ng balakang.  
腰ベルトは腹部のふくみを避け、腰骨のできるだけ低い位置を通す。

## ◎Papel ng asawang lalaki sa panahon ng pagbubuntis 妊娠中の夫の役割

Ang katatagan ng isip at katawan ng buntis ay nangangailangan ng pang-unawa at kooperasyon ng asawang lalaki at pamilya atbp. Alagaan ang asawang babae, purihin siya, at sikaping maging aktibo sa gawaing bahay. Ang halos sampung buwang pagbubuntis ng asawang babae ay isang mahalagang panahon ng paghahanda para sa asawang lalaki na lumaki bilang isang "ama." Sa panahong ito, dapat talakayin ang pagkakaroon ng anak para sa inyong dalawa at kung ano ang kahulugan ng pagiging magulang. Gayundin, sa panahon pa lang ng pagbubuntis, paghandaan na at pag-usapan nang mabuti ang papel ng asawang lalaki sa pag-aalaga ng bata sa oras ng panganganak at pagkapanganak.

妊婦の心身の安定には、夫や家族など周囲の理解や協力が必要です。妻をいたわり、ねぎらい、家事を積極的に行いましょう。妻の妊娠期間の約10か月は、夫にとっても「父親」として育ていく大切な準備期間です。この時期に、ふたりにとって子どもとはどんな存在か、親になるとはどういうことなのかなど、じっくり話し合ってみましょう。また、お産の時や産後の育児で夫がどのような役割を持つのか、妊娠中からよく話し合い、準備しておきましょう。



## ◎Mga pagbabago sa kaisipan at pisikal na nauugnay sa pagbubuntis at panganganak

### 妊娠・出産に伴う心身の変化

Bilang makaramdam ng pagkabalisa dahil sa mga pagbabago sa iyong katawan o pamumuhay dahil sa pagbubuntis o panganganak. Lalo na pagkatapos manganak, maaaring makaramdam ng pagkalumbay, madaling iiyak, o makaramdam ng pagkabalisa. Sa karamihan ay sinasabing ito ay pansamantala, ngunit ang pakiramdam na pagkalungkot, kawalan ng tiyaga, at pagkabalisa tungkol sa pangangalaga sa bata ay maaaring tumagal ng higit sa dalawang linggo. Ang "postpartum depression" ay sinasabing nangyayari sa 10 ~ 15% ng mga ina na postpartum. Pagkatapos manganak, ang mga ina ay may posibilidad na maging abala sa pag-aasikaso ng kanilang mga sanggol at ipagpaliban ang kanilang sariling mental at pisikal na mga abnormalidad.

Bilang karagdagan, ang ama at mga nakapaligid sa kanila ay may posibilidad na bigyan ng priyoridad ang sanggol at hindi mapansin ang mga pagbabago sa ina. Kung sa panahon ng pagbubuntis o pagkatapos manganak ay nakaramdam ka ng pagkabalisa, o naiisip na maaaring may "postpartum depression", huwag mag-alala mag-isa at humingi ng payo sa iyong doktor, komadrona, o nars sa mga public health, Comprehensive support center para sa pamilyang nagpapalaki ng anak atbp., at isaalang-alang din ang paggamit ng pangangalaga sa postpartum. Gayundin, kung mayroong mga abnormalidad sa panahon ng pagbubuntis o panganganak, maaaring kailanganing ipagpatuloy ang pagpapagamot o pagpapatingin pagkatapos ng panganganak. Kahit na sa tingin mo ay may magandang progreso, magpatingin pa rin sa doktor.

妊娠や出産による身体や生活スタイルの変化などにより、不安を感じることがあります。特に、出産後に気持ちが落ち込んだり、涙もろくなったり、不安になったりすることがあり、多くの場合は一時的なものと言われていますが、気持ちの落ち込みや焦り、育児に対する不安などが2週間以上続く場合もあります。「産後うつ」は、産後のお母さんの10～15%に起こるとされています。出産後は、お母さんは赤ちゃんの世話に追われ、自分の心や体の異常については後回しにしがちです。

また、お父さんや周囲の方も赤ちゃんが最優先で、お母さんの変化を見逃しがちです。妊娠中や出産後に不安を感じたり、産後うつかも知れない、と思ったときは、ひとりで悩まず医師、助産師、保健師、子育て世代包括支援センター等で相談し、産後ケア等の利用を検討しましょう。

また、妊娠中や出産時に異常があった場合は、出産後も引き続き治療や受診が必要な場合があります。経過が順調と思われるときでも、医師の診察を受けましょう。

## ◎Tukoy na doktor para sa sanggol 赤ちゃんのかかりつけ医

Sa panahon ng pagbubuntis, kumuha ng referral mula sa iyong obstetrician at magpasya ng iyong pedyatrisyan, upang mapanatag at maging madali ang pagpapatingin kapag may banayad na sipon o lagnat ang iyong anak sa anumang oras.

妊娠中に、産科医から紹介を受けるなどして、軽い風邪や発熱などで気軽にいつでもみてもらえるよう、かかりつけの小児科医をきめておくとう安心です。

## ◎Maternity Mark マタニティマーク

Ang maternity mark ay ikinakabit ng mga buntis kapag gumagamit ng pampublikong transportasyon atbp., upang maipakita sa nakapaligid na sila ay buntis. Gayundin, ang pampublikong transportasyon, lugar ng trabaho, restaurant atbp., ay naglalagay ng mga poster atbp. na may mensahe upang maisulong ang paglikha ng kapaligiran na maternity friendly.

\* homepage ng Maternity mark

Tingnan sa ([http://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/kodomo/kodomo\\_kosodate/boshi-hoken/maternity\\_mark.html](http://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/kodomo/kodomo_kosodate/boshi-hoken/maternity_mark.html))

マタニティマークは、妊婦が交通機関等を利用する際に身につけ、周囲に妊婦であることを示しやすくするものです。また、交通機関、職場、飲食店などが、呼びかけ文を添えてポスターなどとして掲示し、妊産婦にやさしい環境づくりを推進するものです。

※マタニティマークホームページ

([http://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/kodomo/kodomo\\_kosodate/boshi-hoken/maternity\\_mark.html](http://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/kodomo/kodomo_kosodate/boshi-hoken/maternity_mark.html))





# Mga pagkain ng buntis at Postpartum

- Magandang nutrisyon para sa bagong buhay at katawan ng ina--

## 妊娠中と産後の食事 --新しい生命と母体に良い栄養を--

Napakahalaga ng pagkain para sa kalusugan ng ina at nang malusog na paglaki ng sanggol. Ang pagkain ng tatlong beses sa isang araw at pagkain ng balanse na hindi nagdedepende sa partikular na ulam o pagkain ang karaniwang dapat gawin. Lalo na sa kalagitnaan ng pagbubuntis at sa panahon ng pagpapagatas, kumain ng mas maraming side dish, main dish, prutas atbp. kaysa sa karaniwan upang makakuha ng sapat na enerhiya at nutrisyon.

お母さんの健康と赤ちゃんの健やかな発育のために、食事はとても大切です。1日3食とること、特定の料理や食品に偏らないバランスのとれた食事をとることが基本です。特に妊娠中期から授乳期は、普段より副菜、主菜、果物などを多くとるなどして、必要なエネルギーや栄養素をしっかりととりましょう。

### ◎Ang pagtaas ng timbang sa panahon ng pagbubuntis ay mainam para sa ina at sanggol

妊娠中の体重増加は、お母さんと赤ちゃんにとって望ましい量に

Sa panahon ng pagbubuntis, ang sanggol at inunan, patubigan, matris at suso ng buntis ay lumalaki, kaya kinakailangan ang tamang pagtaas ng timbang. Ang mainam na karagdagang timbang sa panahon ng pagbubuntis ay nagkakaiba ayon sa pangangatawan noong hindi pa buntis. Gamitin ang sumusunod na talaan ng inirekumendang karagdagang taas ng timbang bilang gabay, at humingi at making sa payo ng iyong doktor o komadrona upang malaman kung ang mga kinakain, paraan ng pagkain, pamumuhay at pagtaas ng timbang ba ay maayos na nagagawa. 妊娠中は、赤ちゃんや胎盤、羊水、母体の子宮や乳房の増大などのため、適正な体重増加が必要です。妊娠中の望ましい体重増加量は、妊娠前の体型によっても異なります。次の表の推奨体重増加量を目安に、食事の内容、とり方、生活のしかたを考えて体重の増え方が順調か、医師や助産師の助言を受けながら見守りましょう。

### Klasipikasyon ayon sa pangangatawan Inirerekumendang karagdagan sa timbang sa panahon ng pagbubuntis

#### 体格区分別 妊娠中の推奨体重増加量

Klasipikasyon ayon sa pangangatawan noong hindi pa buntis 非妊娠時の体格区分	Inirerekumendang karagdagang timbang sa buong panahon ng pagbubuntis 妊娠全期間を通しての推奨体重増加量	Inirerekumendang karagdagang timbang bawat linggo mula sa kalagitnaan ng pagbubuntis hanggang sa huling panahon ng pagbubuntis 妊娠中期から末期における1週間あたりの推奨体重増加量
Mababa ang timbang (payat): BMI mas mababa sa 18.5 低体重(やせ) : BMI18.5未満	9 - 12 kg 9~12kg	0.3 - 0.5kg / linggo 0.3~0.5kg/週
Normal: BMI 18.5 mahigit at wala pang 25.0 ふつう : BMI18.5以上25.0未満	7 - 12kg 7~12kg	Tandaan 1 注1 0.3 - 0.5kg / linggo 0.3~0.5kg/週
Mataba: BMI 25.0 mahigit 肥満 : BMI25.0以上	Indibidwal na suporta 個別対応	Tandaan 2 注2 Kinakailangan ang konsultasyon sa doctor 医師に要相談

\*BMI (Body Mass Index): timbang (kg) / taas (m)<sup>2</sup>

※BMI (Body Mass Index) : 体重 (kg) / 身長(m)<sup>2</sup>

Tandaan 1 Kung ang kategorya ng pangangatawan ay "normal" at ang BMI ay malapit sa "mababang timbang (payat)", kanais-nais na malapit sa itaas na limitasyon ng inirekumendang timbang ang saklaw nito, at kapag ang BMI ay malapit sa "mataba", kanais-nais na malapit sa mas mababang limitasyon ng inirekumendang karagdagang timbang ang saklaw nito.

Tandaan 2 Kung ang BMI ay bahagyang lumampas sa 25.0, ang tinatayang karagdagang timbang ay mga 5 kg. Kung ang BMI ay kataka-takang lumampas sa 25.0, isaalang-alang ang iba pang mga panganib kaya't mainam na kumunsulta sa doktor atbp., dahil kakailanganin na ng indibidwal na suporta.

注1 体格区分が「ふつう」の場合、BMIが「低体重(やせ)」に近い場合には推奨体重増加量の上限に近い範囲、「肥満」に近い場合には推奨体重増加量の下限に近い範囲の体重増加が望ましい。

注2 BMIが25.0をやや超える程度の場合は、およそ5kgを体重増加量の目安とする。BMIが25.0を著しく超える場合には、他のリスクなどを考慮しながら、個別に対応する必要がありますので、医師などに相談することが望ましい。

## ◎Upang maiwasan ang anemia 貧血予防のために

Upang maiwasan ang anemia, mahalaga na kumain ng balanseng pagkain sa araw-araw. Para sa pandagdag ng iron, piliing makakain ng pagkaing malakas mag-absorb ng sustansiya at may mataas na heme iron gaya ng mga karneng walang taba at isda. Gayundin, mahalaga rin na kumain ng mga pagkaing may protina at bitaminang C na nagpapataas ng pag-absorb ng iron. Kumain ng mga mabubuting pagkain na mataas sa protina, iron, bitamina atbp. (itlog, karne, atay, seafood, mga soybean (tofu, natto atbp.), berde at dilaw na gulay, prutas, seaweeds (hijiki atbp.).

貧血を防ぐためには、毎日、栄養のバランスがとれた食事をきちんととることが大切です。鉄分の補給については、吸収率が高いヘム鉄が多く含まれる赤身の肉や魚などを上手に取り入れるように心がけましょう。また、鉄分の吸収率を高めるたんぱく質やビタミンCが含まれる食品をとることも大切です。

良質のたんぱく質、鉄、ビタミンなどを多く含む食品（卵、肉類、レバー、魚介類、大豆類（豆腐、納豆など）、緑黄色野菜類、果物、海藻（ひじきなど））を上手にとり入れましょう。

## ◎Para sa pag-iwas sa Pregnancy hypertension syndrome

### 妊娠高血圧症候群の予防のために

Upang maiwasan ang pregnancy hypertension syndrome, matulog at magpahinga ng maayos, iwasan ang sobrang trabaho, at piliing makuha ang nararapat na karagdagang timbang. Ang pang-araw-araw na pagkain ay dapat na balansehin, bawasan ang asukal at mga confectionery, karne at isda na may mababang taba, iba pang mga mabuting kalidad na protina gaya ng mga produktong gatas, tofu, natto, katamtamang gulay at prutas, at hindi masyadong maalat na timpla ng pagkain.

妊娠高血圧症候群の予防のためには、睡眠、休養を十分にとり、過労を避け、望ましい体重増加になるように心がけましょう。毎日の食事はバランスのとれた内容とし、砂糖、菓子類はひかえめにし、脂肪の少ない肉や魚、そのほか乳製品、豆腐、納豆など良質のたんぱく質や、野菜、果物を適度にとり、塩味は薄くするようにしましょう。

## ◎Upang makagawa ng matibay na mga buto at ngipin

### 丈夫な骨や歯をつくるために

Upang mapatibay ang mga buto at ngipin ng bagong panganak na sanggol, mahalaga na balansehin hindi lamang ang calcium kundi pati na rin ang mga pagkain na naglalaman ng protina, posporus at bitaminang A, C at D na nutrisyon. Pagkapanganak, ipagpatuloy pa rin ang pagkain ng balance, at panatilihin ang kalusugan ng sanggol at ina.

生まれてくる赤ちゃんの骨や歯を丈夫にするためには、カルシウムだけでなく、たんぱく質、リン、ビタミンA・C・Dの栄養素を含む食品をバランス良くとることが大切です。産後もバランスのよい食生活を継続し、赤ちゃんとお母さんの健康を保ちましょう。

## ◎Tungkol sa pagkuha ng folic acid 葉酸摂取について

Upang maiwasan ang pagpagsimula ng karamdaman sa pagsasara ng neural tube tulad ng spina bifida, ang mga kababaihan mula bago magbuntis at nasa unang panahon ng pagbubuntis ay kinakailangang kumuha ng karagdagang 400 mg ng folic acid bawat araw sa pamamagitan ng mga supplement bilang karagdagang diyeta. Gayunpaman, kailangang mag-ingat na huwag itong sosobra.

二分脊椎などの神経管閉鎖障害の発症予防のため、妊娠前から妊娠初期の女性は、食事に加え、サプリメントなどによって付加的に1日あたり 400 μgの葉酸摂取が望めます。ただし、とりすぎには注意が必要です。

\* Ang neural tube closure disorder ay isang sakit sa nerve dulot ng hindi magandang pagbuo ng bahagi na tinatawag na neural tube na pinagmulan ng utak at gulugod sa unang panahon ng pagbubuntis. Bilang karagdagan sa kakulangan sa folate, lumalabas ang sakit na ito dahil sa pinagsamang maraming mga kadahilanan, kabilang na ang namana atbp.

※神経管閉鎖障害とは、妊娠初期に脳や脊髄のもととなる神経管と呼ばれる部分がうまく形成されないことによって起こる神経の障害です。葉酸不足の他、遺伝などを含めた多くの要因が複合して発症するものです。

## ◎Tungkol sa mercury sa seafood 魚介類に含まれる水銀について

Ang seafood ay mayaman sa mataas na kalidad na protina at micronutrients. Ang ilang mga seafood ay naglalaman ng mataas na antas ng mercury sa buong food chain, at naiulat na nakakaapekto ito sa nabubuong sanggol. Iwasan ang pagkain ng ilang klase ng isda at huwag kumain ng marami nito sa araw-araw.

魚介類は良質なたんぱく質や微量栄養素を多く含みます。魚介類の一部には、食物連鎖を通じて、高い濃度の水銀が含まれているものもあり、胎児に影響するおそれがあるという報告もあります。一部の魚ばかりに偏ることなく、毎日たくさん食べることは避けましょう。

## ◎ Tungkol sa pag-iwas sa pagkalason sa pagkain sa panahon ng pagbubuntis

### 妊娠中の食中毒予防について

Sa panahon ng pagbubuntis, ang iyong immune system ay humina kaya mas madaling kapitan ng mga karamdaman sa pagkain tulad ng pagkalason sa pagkain. Ang mga pathogen na nangangailangan ng espesyal na pansin para sa mga buntis na kababaihan ay *Listeria monocytogenes* at *Toxoplasma gondii*. Gayundin, kahit na walang mga sintomas sa ina, ang sanggol ay maaaring maapektuhan ng mga pathogen sa pagkain. Marami sa mga ito ay nangyayari dahil sa pagkain na may halong pathogen. Maging maingat sa pagtrato ng pagkain, at ugaliing hugasan ito ng husto, lutuin atbp. 妊娠中は、免疫機能が低下して、食中毒など食べ物の原因の病気にかかりやすくなっています。妊婦にとって特に注意が必要な病原体として、リステリア菌とトキソプラズマ原虫が挙げられます。また、お母さんに症状が無くても、赤ちゃんに食品中の病原体の影響が起きることがあります。これらの多くは、原因となる病原体が付着した食品を食べることによって起こります。日頃から食品を十分に洗浄し、加熱するなど、取扱いに注意しましょう。

\* Para sa mga detalye, kumonsulta sa dietitian ng inyong munisipyo.

\* Detalyadong impormasyon tungkol sa pagbubuntis at pagkain

• Ang homepage ng Ministry of Health, Labor and Welfare "Sa iyo na magiging isang ina" (<http://www.mhlw.go.jp/topics/syokuchu/06.html>)

• Malusog na magulang at anak 21 (pangalawa) homepage "Mga gawi sa pagkain para sa mga buntis at bagong panganak"

Tingnan sa <http://sukoyaka21.jp/syokuiku>

※詳しくは、市町村の管理栄養士などに相談してください。

※妊娠と食事についての詳しい情報

・厚生労働省ホームページ「これからママになるあなたへ」(<http://www.mhlw.go.jp/topics/syokuchu/06.html>)


・健やか親子21 (第2次) ホームページ「妊産婦のための食習慣」<http://sukoyaka21.jp/syokuiku>

# Gabay sa balanseng pagkain para sa mga buntis at bagong panganak

妊産婦のための食事バランスガイド

## Tinatayang pagkain sa panahon ng pagbubuntis at pagkapanganak

妊娠中と産後の食事の目安



Kung pagsasamahin mo ang mga halimbawa ng lutuin sa ilustrasyong ito, ang kabuuang halaga ay nasa mga 2,000 ~ 2,200 Kcal. Ipinapakita ang angkop na dami ng pagkain sa 1 araw ng hindi buntis / unang panahon ng pagbubuntis (18 ~ 49 na taong gulang na babae) at mahigit "normal (II)" ang level ng pisikal na aktibidad (normal).

「このイラストの料理例を組み合わせるとおおよそ2,000~2,200Kcal。非妊娠時・妊娠初期(18~49歳女性)の身体活動レベル「ふつう(II)」以上の1日分の適量を示しています。

### Halimbawa ng 1 araw na pagkain (Kapag hindi buntis / Unang panahon ng pagbubuntis)

1日の食事例 (非妊娠時・妊娠初期)



Almusal  
朝食



Tanghalian  
昼食



Hapunan  
夕食



Napakahalaga ng pagkain para sa kalusugan ng ina at ng malusog na paglaki ng sanggol. Ito ay isang gabay sa kung "ano" at kung "gaano karami" ang dapat mong kainin sa isang araw.

Ipinapakita sa ilustrasyon ang angkop na halaga na bawat isa upang ang 5 grupo ng mga lutuin at pagkain na "pangunahing pagkain", "side dish o karagdagang pagkain", "pangunahing ulam", "gatas at mga produkto nito" at "prutas" ay maaaring pagsama-samahin.

お母さんの健康と赤ちゃんの健やかな発育のために、食事はとても大切です。1日に「何を」「どれだけ」食べたらよいかが一目でわかる食事の目安です。

「主食」「副菜」「主菜」「牛乳・乳製品」「果物」の5グループの料理や食品を組み合わせるとれるよう、それぞれの適量をイラストでわかりやすく示しています。

**Karagdagang halaga para sa 1 araw**  
1日分付加量

Kapag hindi buntis 非妊娠時	Unang panahon ng pagbubuntis 妊娠初期	Kalagitnaang panahon ng pagbubuntis 妊娠中期	Huling panahon ng pagbubuntis 妊娠末期 授乳期
5-7 (SV) 5~7つ (SV)	-	-	+1
5-6 (SV) 5~6つ (SV)	-	+1	+1
3-5 (SV) 3~5つ (SV)	-	+1	+1
2 (SV) 2つ (SV)	-	-	+1
2 (SV) 2つ (SV)	-	+1	+1

2,000~2,200	+250	Huling panahon ng pagbubuntis 妊娠末期 授乳期 +450 Panahon ng paggagatas 授乳期 +350
-------------	------	----------------------------------------------------------------------------------------------

**Dami na idagdag sa Kalagitnaang panahon ng pagbubuntis**  
妊娠中期に追加したい量

Side dish 副菜    Pangunahing ulam 主菜    Prutas 果物

**Dami na idagdag sa Huling panahon ng pagbubuntis / Paggagatas**  
妊娠末期・授乳期に追加したい量

Pangunahing pagkain 主食    Side dish 副菜    Pangunahing ulam 主菜    Gatas / mga produkto ng gatas 牛乳・乳製品    Fruit 果物

**Halimbawa ng mga lutong pagkain**  
料理例

Katumbas sa 1 1つ分 1 maliit na bowl ng kanin ごはん小盛り1杯	=	1 rice ball おにぎり1個	=	1 piraso ng linyay 食パン1枚	=	2 bread roll ibang ロールパン2個
Katumbas sa 1.5 1.5つ分 1 med. size bowl ng kanin ごはん中盛り1杯	=	2つ分	=	1 bowl ng udon うどん1杯	=	1 mori-soba もりそば1杯
Katumbas sa 1 1つ分 Vegetable salad 野菜サラダ	=	Pipino at Wakame pickles きゅうりとわかめ漬物の類	=	Miso soup na maraming sangkap 具たくさん味噌汁	=	Blanch spinach ほうろく茹ひのひじきの漬物
2 servings 2つ分 Nilutug gulay (stew) 野菜の煮物	=	Ginsang gulay 野菜炒め	=	Pinakulang patatas 手の煮こるがし	=	Hiki (simmered) ひきの煮物
Katumbas sa 1 1つ分 Cold tofu 冷奴	=	Natto 納豆	=	1 serving paglutug na gum side sit 巨蛋焼き一皿	=	2つ分
Katumbas sa 3 3つ分 Hamburger steak ハンバーグステーキ	=	Fried ginger pork 豚肉のしょうが焼き	=	Pritong manok 鶏肉のから揚げ	=	Katumbas sa 2 2つ分 Inihaw na isda 焼き魚
Katumbas sa 1 1つ分 Kalahating tasa ng gatas 牛乳コップ半分	=	1 piraso ng queso チーズ1かけ	=	1 slice ng cheese スライスチーズ1枚	=	Katumbas sa 2 2つ分 1 pack ng yogurt ヨーグルト1パック
Katumbas sa 1 1つ分 1 dalandan みかん1個	=	Kalahating mansanas りんご半分	=	1 persimmon きんかん1個	=	Kalahating peras 梨半分
						Kalahating buwig na mga ubas ぶどう半房
						1 Peach 桃1個

- Ang SV ay daglat/pinaikil ng Serving (ang unit ng dami ng pagkain isini-serve) SVとはサービング (食事の提供量の単位) の略
- Ang asin at taba ay ginagamit sa pagluluto, at hindi ipinakita sa "frame" ng illustration pero kapag ipinakita na sa aktuwal na eksena na pipili ng pagkain, inaasahang ibibigay ang impormasyon kasama ang mga katumbas na dami ng asin at taba.

食塩・油脂については、料理の中に使用されているものであり、「コマ」のイラストとして表現されていませんが、実際の食事選択の場面で表示される際には食塩相当量や脂質も合わせて情報提供されることが望まれます。

☆ **Ang batayan ay pang 1 araw ng mga hindi buntis at nasa unang panahon ng pagbubuntis, at para sa mga nasa kalagitnaan at huling panahon ng pagbubuntis / at paggagatas, kinakailangan ang karagdagang halaga na nasa bawat frame.**  
非妊娠時、妊娠初期の1日分を基本とし、妊娠中期、妊娠末期・授乳期の方はそれぞれの枠内の付加量を補うことが必要です。(Sanggunian) Gabay sa balansang pagkain para sa mga buntis at bagong panganak Tingnan sa <http://www.mhlw.go.jp/houdou/2006/02/dl/h0201-3b02.pdf> (参考) 妊娠婦のための食事バランスガイド <http://www.mhlw.go.jp/houdou/2006/02/dl/h0201-3b02.pdf>

## Bagong silang (Sanggol hanggang 4 na linggo)

### 新生児 (生後約4週間までの赤ちゃん)

Mga apat na linggo pagkasilang, ang unang dalawang linggo ay lalong mahalagang panahon para masanay ang sanggol na lumaki sa sariling kakayahan na naiiba ang kapaligiran kaysa sa loob ng katawan ng ina.

Ang mga sumusunod na pag-iingat ay makakatulong sa iyong sanggol na masanay sa labas ng katawan ng ina at gawin ang unang hakbang sa buhay.

生まれて約4週間、特に最初の2週間は、赤ちゃんがお母さんの体内とはまったく違う環境の中で、自分の力で発育していくことに慣れる大切な時期です。

下記のような注意をしながら、母体を離れての生活に無理なく慣れ、人生の第一歩を踏み出せるようにしましょう。

### ◎Lugar ng sanggol 赤ちゃんが過ごす場所

Ang mga bagong panganak na sanggol ay halos natutulog maliban kung umiinom sila ng gatas. Ihiga ang iyong sanggol sa malinis at tahimik na lugar.

Gayundin, ihiga ang iyong sanggol sa kanyang likuran kung saan nakikita ang kanyang mukha, maliban na lamang kung inirekomenda ng iyong doktor na ihiga ang iyong sanggol ng padapa dahil sa medikal na kadahilanan.

Gayundin, mangyaring huwag iwanang mag-isa ang sanggol. Tumutulong din ito na maiwasan ang mga aksidente tulad ng sindrom na biglaang pagkamatay ng sanggol (SIDS), suffocation, aksidenteng paglunok ng bagay atbp.

生まれたばかりの赤ちゃんは、乳を飲むとき以外はほとんど眠っています。清潔で静かな場所に、ゆったりと寝かせましょう。

また、医学的な理由で医師からうつぶせ寝をすすめられている場合以外は、赤ちゃんの顔が見えるお向けに寝かせるようにしましょう。また、なるべく赤ちゃんを一人にしないようにしましょう。乳幼児突然死症候群 (SIDS) や窒息、誤飲、けがなどの事故を未然に防ぐことにつながります。

### ◎Panatiliing mainit-init 保温

Ang mga sanggol ay hirap pang mag-adjust ng kanilang sariling temperatura ng katawan, kaya hanggat maaari ay huwag hayaang bumaba sa 20°C ang temperatura ng silid. Tandaan lamang na panatiliing sariwa ang hangin sa silid.

赤ちゃんは、まだ、自分で体温を調節することがうまくできないので、部屋の温度はなるべく20°C以下にならないようにしましょう。ただし、室内の空気を新鮮に保つことを忘れないでください。

### ◎Gatas ng ina 母乳

Para sa bagong silang, ang gatas ng ina ay pangunahin. Ang pagpapasuso ay nakakatulong upang maiwasan ang sakit ng sanggol at pinapalakas ang bigkis ng sanggol at ina. Sa partikular, ang unang gatas ng ina (colostrum) ay hindi maaaring palitan na pagkain na kakainin ng iyong sanggol sa unang pagkakataon, kaya siguraduhing ibigay ito. Kahit na parang hindi lumalabas ang gatas sa suso, huwag mag-alala, pagtiyagaan at hayaan ang iyong sanggol na sipsipin ito hangga't gusto niya. Mahalaga rin para sa ina na magkaroon ng sapat na nutrisyon at pahinga upang maayos na labasan ng gatas ang suso.

Patayin ang TV habang nagpapasuso, at hayaang mapahinga ang sarili at matugunan ang iyong sanggol.

新生児には母乳が基本です。母乳栄養は赤ちゃんの病気を防ぎ、赤ちゃんとお母さんのきずなを強くします。特に初乳は赤ちゃんが初めて口にする食物としてかけがえのないものですから、ぜひ与えたいものです。母乳が出ないようでも、あせらずに、赤ちゃんが欲しがるにまかせて根気よく吸わせてみましょう。母乳の出を良くするには、お母さんが十分な栄養と休息をとることも大切です。

授乳中はテレビなどを消して、ゆったりした気持ちで赤ちゃんに向き合いましょう。

### ◎Kalinisan 清潔

Hugasan ang iyong mga kamay bago alagaan ang iyong sanggol at panatiliing malinis ang mga tulugan, damit at lampin. Gayundin, maligo araw-araw at panatiliing malinis ang iyong balat. Mahalaga rin na mag-ingat at huwag ipalapit, ipahawak o ipakarga sa taong may sipon ang sanggol.

赤ちゃんの世話をする前に手を洗い、寝具、衣類、おむつはいつも清潔に保ちましょう。また、毎日沐浴を行い、皮膚を清潔に保ちましょう。かぜをひいた人が赤ちゃんに近づいたり、抱いたりしないなどの注意も大切です。

## ◎Abiso ng sanggol na ipinanganak na mababa ang timbang, mga benepisyo pang-medikal para sa premature na sanggol

### 低出生体重児の届出、未熟児への医療の給付

Para sa mga sanggol na ipinanganak na mababa ang timbang at wala pang 2,500g ang timbang noong ipanganak, nasa kautusan ng batas na i-report ito sa mga munisipyo pagkasilang ng sanggol, kaya siguraduhing iulat ito. Kung ang timbang ng iyong sanggol noong isilang ay mas mababa sa 2,000g o may iba pang mga abnormalidad, maaari kang makatanggap ng suporta tulad ng pagbisita sa bahay. Gayundin, kung kailangan mong maospital, maaari kang makatanggap ng mga benepisyo sa medikal, kaya ipaalam ito sa mga munisipyo.

出生体重が2,500g未満の低出生体重児については、出生後、市町村に届けことが法律で義務づけられていますので、忘れずに届け出ましょう。出生体重が2,000g以下の場合や、その他の異常がある場合、自宅訪問などの支援が受けられます。また、入院が必要な場合、医療給付が受けられる場合がありますので市町村に連絡をしましょう。

## ◎Kapag hindi maganda ang lagay ng iyong sanggol 赤ちゃんの具合が悪い時

Kung ang iyong sanggol ay hindi umiinom ng gatas ng suso o tinimplang gatas gaya ng karaniwan, may sinat at hindi masigla, nagtatae o kinukombulsiyon, maputla ang balat, may problema sa paghinga, may malubhang sintomas na paninilaw atbp., kumonsulta kaagad sa doktor.

母乳・ミルクをいつもより飲まない、発熱があって元気がない、下痢・けいれんがある、顔色が悪い、呼吸の様子がおかしい、強い黄疸があるなどの症状がみられたら、すみやかに医師の診察を受けましょう。

## ◎Magpasuri para sa Congenital Metabolic Disorder

### 先天性代謝異常等の検査を受けましょう

Para sa lahat ng mga bagong silang, ang mga pagsusuri para sa congenital metabolic disorder tulad ng phenylketonuria at screening test para sa congenital hypothyroidism ay isinasagawa gamit ang dugo nila. Kung ang mga sakit na ito ay natagpuan nang maaga, maaaring gamutin ang mga ito sa pamamagitan ng mga espesyal na gatas o mga hormonal drug para sa thyroid at iba pa. Kung may abnormalidad sa mga resulta ng pagsusuri, kumonsulta kaagad sa mga pagamutan. すべての新生児を対象として、血液を用いてフェニルケトン尿症などの先天性代謝異常検査や先天性甲状腺機能低下症のスクリーニング検査が行われています。これらの病気は早期に発見された場合、特殊ミルクや甲状腺ホルモン薬などで治療することができます。検査結果の異常が通知された場合には、すみやかに医療機関で受診しましょう。

## ◎Magpasuri para sa Pandinig ng mga bagong silang

### 新生児聴覚検査を受けましょう

Sinasabing sa 1,000 sanggol, 1~2 sanggol ay ipinanganak na may kapansanan sa pandinig.

Sa ganitong mga kaso, ang maagang pagtuklas at naaangkop na paggagamot at pangangalaga sa bata sa lalong madaling panahon ay maaaring magbigay ng magandang epekto sa pag-unlad ng wika at komunikasyon ng sanggol. Para sa maagang pagtuklas, pagkasilang pa lang ng sanggol (sa loob ng mga 3 araw) ay ipasuri na ang kanilang pandinig. Kung ang masusing pagsusuri ay kinakailangan, kumonsulta sa mga pagamutang dalubhasa dito hanggang sa loob lang ng tatlong buwan mula pagkasilang. Gayundin, kahit na sa pagsusuri ay normal, kung may mga napapansin o alalahanin kayo sa kanilang pandinig, kumonsulta sa mga pagamutan.

生まれつき、耳の聞こえに何らかの障害を持つ赤ちゃんは、1,000人に1~2人といわれています。

その場合は早期に発見し、できるだけ早期に適切な療育を始めることで、赤ちゃんのこぼやコミュニケーションの発達に大きな効果が期待できます。早期発見のために、出生後早期（概ね3日以内）に、聴覚検査を受けましょう。もし、精密検査が必要と判断された場合は、遅くとも 生後3か月頃までに専門の医療機関を受診しましょう。また、検査で異常なしでも、耳の聞こえについて気になるときは医療機関に相談しましょう。



The Oto-Rhino-Laryngological Society of Japan HP  
"Listahan ng mga institusyong nagsasagawa ng masusing pagsusuri sa pandinig"

日本耳鼻咽喉科学会 HP  
「精密聴力検査機関リスト」



The Oto-Rhino-Laryngological Society of Japan HP  
"Q&A sa mga sakit sa tai s nga, ilong at lalamunan ng bata"

日本耳鼻咽喉科学会HP  
「子どもののみみ・はな・のどの病気 Q&A」



## ◎Tungkol sa pagdevelop ng paningin 視覚の発達について

Ang paningin ay nabubuo mula sa kapanganakan. Ang mga bagong panganak na sanggol ay malabo at walang katiyakan kung saan nakatingin, pero kapag tinitingnan ng tuloy-tuloy, unti-unting nadidevelop ang kanilang paningin. Mula sa 1 buwan hanggang 1 taon at 6 na buwan pagkasilang ang aktibong panahon na nadidevelop ang paningin, kaya mahalagang makita ng dalawang mata ang mga bagay sa panahong ito.

Kung nakikita sa sanggol ang mga sintomas tulad ng mga puting mata o parang nagniningning, hindi maimulat ang mata, kung kapag itinapat mo ng marahan ang iyong kamay sa harap ng bawat isa at umayaw sya sa isang mata at pinihit ang kanyang mukha, o napansing iba kung makatingin, ipasuri sa ophthalmologist.

視覚は生まれてから発達します。新生児は、視線が定まらずぼんやりと外界を見ていますが、見続けることで視覚が次第に発達します。生後1か月から1歳6か月頃は特に視覚の発達が盛んな時期なので、この時期に両目でモノをしっかりとお見ることが大切です。

ひとみが白い・光ってみえる、目が開かない、片目ずつ目の前にそっと手をかざすと片方だけ嫌がって顔をそむける、目つきが気になるといった症状が見られたら、眼科を受診しましょう。

Check sheet para malaman ang kalusugan ng mata

\*Japanese Association of Certified Orthoptists

Tingnan sa([http://www.jaco.or.jp/wp-content/themes/jaco\\_renew/assets/pdf/check.pdf](http://www.jaco.or.jp/wp-content/themes/jaco_renew/assets/pdf/check.pdf))

目の健康を調べるチェックシート

※日本視能訓練士協会 ([http://www.jaco.or.jp/wp-content/themes/jaco\\_renew/assets/pdf/check.pdf](http://www.jaco.or.jp/wp-content/themes/jaco_renew/assets/pdf/check.pdf))

## ◎Upang maiwasan ang sindrom ng biglang pagkamatay ng sanggol (SIDS)

乳幼児突然死症候群 (SIDS) の予防のために

Ang SIDS ay sakit kung saan ang isang dating malusog na sanggol ay namamatay ng walang anumang babala habang natutulong. Bagaman hindi alam ang dahilan, kung gagawin ang mga sumusunod na puntos sa pang-araw-araw, mababawasan ang sakit na ito.

SIDSとは、それまで元気だった赤ちゃんが睡眠中に何の前ぶれもなく亡くなってしま病氣です。原因はわかっていませんが、下記のような点を日頃から心がけることで、この病気の発生を減らせることがわかっています。

1 Kapag magpapatulog ng sanggol, ihiga ang sanggol sa kanyang likuran.

Gayunpaman, may pagkakataong inirerekumenda ng doktor ang paghiga ng nakadapa dahil sa pang-medikal na kadahilanan, kaya sundin ang ipapayo ng iyong doktor sa mga ganitong kaso.

赤ちゃんを寝かせるときは、あお向け寝にしましょう。

ただし、医学的な理由から医師がうつぶせ寝を勧める場合もあるので、このようなときは医師の指導を守りましょう。

2 Huwag manigarilyo habang buntis o kapag nasa paligid ng sanggol.

妊娠中や赤ちゃんの周囲では、たばこを吸ってはいけません。

3 Magpasuso ng sanggol hangga't maaari

できるだけ母乳で育てましょう。

## ◎Para sa pag-iwas sa Pagkalinsad ng balakang 股関節脱臼の予防のために

Ang pagkalinsad ng balakang ay isang sakit na lumihis ang hip joint, at ang sakit na ito ay karaniwan sa mga batang babae at suhi (pelvic position). Upang maiwasan ito, ang mga binti ng sanggol ay dapat pahugis M, kung saan ang dalawang tuhod at joint ng balakang ay ganap na nakabaluktot at mainam na nakabuka palabas upang makagalaw ng malaya kaya ang pagkarga ay dapat paharap sa inyo. Maging maingat din sa kanilang posisyon pag natutulong.

\* Pamplet para sa Pag-iwas sa Pagkalinsad ng Balakang mula sa The Japanese Pediatric Orthopaedic Association  
Tingnan sa (<http://www.jpoa.org/wp-content/uploads/2013/07/pediatric180222.pdf>)

股関節脱臼は脚のつけ根の関節がはずれる、女兒や逆子(骨盤位)に多い病氣です。この予防には、赤ちゃんの両脚は、両膝と股関節が十分曲がったM字型で、外側に開いて自由に動かせることが好ましいため、抱っこは正面抱きとし、寝ている姿勢等にも気を付けましょう。

※日本小児整形外科学会股関節脱臼予防パンフレット

(<http://www.jpoa.org/wp-content/uploads/2013/07/pediatric180222.pdf>)



## ◎Huwag yugyugin ang bata nang marahas (Tungkol sa pagyanig na sindrom sa mga sanggol / Shaken Baby Syndrome)

赤ちゃんを激しく揺さぶらないで (乳幼児揺さぶられ症候群について)

Kung ang sanggol ay nayugyog nang marahas, ang muscle ng leeg nila ay hindi pa nadidevelop kaya madaling maapektuhan ang utak, at maaaring magdulot ng malubhang pinsala sa utak o maaari ding maging dahilan ng kanilang kamatayan ( Shaken Baby Syndrome ). Kahit sino ay posibleng mairita kapag ang sanggol ay hindi tumitigil sa pag-iyak, ngunit huwag na huwag mong yuyugyugin ang iyong sanggol. Kung sakaling nayugyog mo ng marahas, ipatingin kaagad sa pagamutan at sabihin ang nangyari.

赤ちゃんは激しく揺さぶられると、首の筋肉が未発達のために脳が衝撃を受けやすく、脳の損傷による重大な障害を負うことや、場合によっては命を落とすことがあります (乳幼児揺さぶられ症候群)。赤ちゃんが泣きやまず、イライラしてしまうことは誰にでも起こり得ますが、赤ちゃんを決して揺さぶらないでください。万が一、激しく揺さぶった場合は、すぐに医療機関を受診し、その旨を伝えましょう。

\* Bakit umiyak ang sanggol?

Dahil ang mga sanggol ay hindi pa makapagsalita, sinisikap nilang sabihin sa pamamagitan ng pag-iyak na sila ay gutom, na ang kanilang lampin ay marumi, na nais nilang magpakarga, mainit, malamig at iba pa. Habang gumugulog ng oras ang ina at ama sa sanggol, unti-unti itong mauunawaan ayon sa paraan ng pag-iyak ng sanggol. Kapag ang sanggol ay hindi tumitigil sa pag-iyak kahit napalitan na ang lampin, napasuso na, nakarga, nasa tahimik na kapaligiran na atbp., madali ng mainis o maiirita. Sa ganitong kaso, huminga nang malalim, ilatag ang sanggol sa ligtas na lugar, umalis sandali sa lugar na iyon, makipag-usap sa iba atbp. upang mabago ang pakiramdam. Karamihan sa mga sanggol ay nakakatulog na dahil sa pagod sa kaiyak. Kung mayroon kang anumang mga alalahanin, kumonsulta sa iyong doktor.

※赤ちゃんが泣くのは?

言葉を話すことができない赤ちゃんは、泣くことにより、おなかがすいた、おむつが汚れた、だっこしてほしい、暑い、寒いなどと伝えてきます。お母さんやお父さんは一緒にいると徐々に泣き方で分かってきます。おむつを替えたり、おっぱいを飲ませたり、だっこしたり、静かな環境にしたりなどしても赤ちゃんが泣きやまない時は、イライラしてしまいがちです。そのようなときは、深呼吸をしたり、安全な所に赤ちゃんを寝かせてその場からいったん離れたり、誰かと言葉をかわしたりなどして、気分転換を試みましょう。たいていの赤ちゃんは泣き疲れて眠ってしまいます。もし、心配な事があれば、かかりつけ医などに相談しましょう。

\* homepage ng DVD na "Ang sanggol ay hindi titigil sa pag-iyak ~ Para sa pakikitungo at pag-unawa sa pag-iyak~" mula sa publikasyon ng Ministry of Health, Labor and Welfare

Tingnan sa ([http://www.mhlw.go.jp/seisakunitsuite/bunya/kodomo/kodomo\\_kosodate/dv/nakiyamanai.html](http://www.mhlw.go.jp/seisakunitsuite/bunya/kodomo/kodomo_kosodate/dv/nakiyamanai.html))

※厚生労働省広報啓発DVD「赤ちゃんが泣きやまない～泣きへの対処と理解のために～」ホームページ

([http://www.mhlw.go.jp/seisakunitsuite/bunya/kodomo/kodomo\\_kosodate/dv/nakiyamanai.html](http://www.mhlw.go.jp/seisakunitsuite/bunya/kodomo/kodomo_kosodate/dv/nakiyamanai.html))

## ◎Pagbisita sa mga bagong panganak na sanggol at pagbisita sa lahat ng mga tahanan ng sanggol (Hello, baby visit), at iba pa

新生児訪問や乳児家庭全戸訪問 (こんにちは赤ちゃん訪問) など

Ang mga nars sa public health at komadrona atbp. ay bumibisita sa bahay ng sanggol upang tiyakin ang kalagayan ng paglaki ng sanggol, magbigay ng konsultasyon sa kalusugan ng ina, konsultasyon sa pangangalaga sa bata, at magbigay ng impormasyon tungkol sa suporta sa pangangalaga sa bata. Pagkapanganak sa sanggol, magpadala ng postcard ng kapanganakan ng anak sa inyong munisipyo sa lalong madaling panahon.

保健師や助産師などが自宅を訪問し、赤ちゃんの発育状況の確認、お母さんの健康相談、育児相談、子育て支援に關する情報提供などを行っています。赤ちゃんが生まれたら、早めに出生通知のハガキを市区町村に郵送しましょう。

## Gabay sa Pangangalaga sa bata

### 育児のしおり

Nakasulat dito ang mga puntos sa pangangalaga ng bata na dapat alalahanin ng mga magulang sa pagpapalaki ng anak ayon sa bawat panahon ng kanilang paglaki.

育児の上で保護者の方に心得て頂きたい各時期の子どもの成長に合わせた育児のポイントを記したものです。

#### ◎Sa nakakarelaks na pakiramdam ゆったりとした気持ちで

Ang paglaki at pag-unlad ng sanggol ay nag-iiba nang malaki sa pagitan ng mga indibidwal. Huwag masyadong papansinin ang pagkakaiba sa ibang sanggol. Ang pang-araw-araw na pangangalaga sa bata ay kapwa mahirap sa pampisikal at pang-mental. Para sa mga ina at ama, pinakamahalaga ang kalusugan ng katawan at kaisipan. Magpahinga hangga't maaari, at higit sa lahat, laging isaisip ang pagiging malusog.

赤ちゃんの成長や発達個人差が大きいです。ほかの赤ちゃんとの違いをあまり気にしすぎないようにしましょう。毎日の育児は、身体的にも精神的にも負担がかかります。お母さん、お父さんにとっても、心と体の健康が一番大切です。休養をできるだけとって、何より健康であるよう心がけましょう。

#### ◎Upang mapalaking mapalusog ang mga bata 子どもを健やかに育むために

Sa pagpapalaki ng anak, ang pagpalo at pagsigaw, na tinatawag na disiplina, ay hindi nakakatulong sa paglaki ng bata, bagkus, maaari itong magkaroon ng negatibong epekto. Palakihing malusog ang bata sa mga sumusunod na puntos. Ziyuteにおいて、しつけと称して、叩いたり怒鳴ったりすることは、子どもの成長の助けにならないばかりか、悪影響を及ぼしてしまう可能性があります。以下のポイントを意識しながら、子どもを健やかに育みましょう。

1. Huwag gumamit ng pisikal na parusa o marahas na salita para sa pagpapalaki ng mga bata  
子育てに体罰や暴言を使わない
2. Hindi masasabi ng bata sa magulang ang SOS kapag natatakot sila sa kanilang mga magulang.  
子どもが親に恐怖を持つとSOSを伝えられない
3. Magpalamig ng irita/inis bago sumabog  
爆発寸前のイライラをクールダウン
4. Ang mga magulang ang magbibigay ng SOS  
親自身がSOSを出そう
5. Isipin ng hiwalay ang nararamdam at ikinikilos ng bata, at suportahan ang kanilang paglaki  
子どもの気持ちと行動を分けて考え、育ちを応援



homepage ng Malusog na magulang  
at anak 21

"Operation Whip Zero ng Pag-ibig"  
健やか親子21ホームページ  
「愛の鞭ゼロ作戦」

#### ◎Kung nag-aalala ka, kumonsulta 心配な時は相談を

Ang pagsusuri sa kalusugan ay isang pagkakataon upang regular na matiyak ang kalusugan ng iyong sanggol at maihingi ng payo ang anumang mga alalahanin. Sa partikular, ang mga pagsusuri sa kalusugan para sa 1 taon 6 na buwan at 3 taon ay isinasagawa sa lahat ng munisipyo. Magpatingin ng Mabuti at kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong sanggol, pangangalaga sa bata, o mga alalahanin tungkol sa iyong sanggol, huwag mag-atubiling kumonsulta sa doktor, public health nurse, komadrona atbp. Ang mga konsultasyon sa telepono ay tinatanggap din sa Comprehensive Support Center para sa pamilyang nagpapalaki ng bata, public health center, health center ng mga city/town/village atbp. Samantalahin din ang mga pagbisita sa bahay na ginagawa ng mga public health nurse, mga komadrona, at mga may karanasan sa pagpapalaki ng bata. 健康診査は、赤ちゃんの健康状態を定期的に確認し、気になっていることを相談する機会です。特に1歳6か月と3歳の健康診査は全ての市区町村で実施しています。きちんと受診し、赤ちゃんのこと、育児のことでわからないこと、不安なことがあれば、遠慮せずに、医師、保健師、助産師などに相談しましょう。子育て世代包括支援センターや保健所、市町村保健センター等では電話相談も受け付けています。保健師、助産師、子育て経験者などによる家庭訪問も利用してみましょう。

#### ◎Tungkulin ng ama お父さんの役割

Ang ama ay dapat ding maging aktibo sa pagpapalaki ng mga bata, tulad ng pagpapalit ng mga lampin, pagpapaligo, paghehele atbp. Mahalagang tungkulin din ng ama na huwag iiwanang mag-isa ang ina, suportahan ang kanyang pag-iisip, at tulungan siya. Mahalaga na ang ama at ina ay mag-usap nang mabuti at magkaroon ng kaisipang dalawa silang magpapalaki ng bata. お父さんもおむつを替えたり、お風呂に入れたり、あやしたりなど、積極的に子育てに参加しましょう。お母さんを独りぼっちにせず、精神的に支え、いたわることもお父さんの大切な役割です。お父さんとお母さんがよく話し、二人で育てていくという意識を持つことが大切です。

## **Panahon ng sanggol (hanggang sa 1 taong gulang)**

### **乳児期 (1歳まで)**

#### **◎Ang pag-iyak ay komunikasyon ng sanggol**

##### **泣くことは赤ちゃんのコミュニケーション**

Kung ang 1 ~ 2 buwan na sanggol ay may sumpong at nag-iyak maliban sa maruming lampin at gutom, kargahin ang bata at aliwin. Ang sanggol ay napapanatag at tumitigil sa pag-iyak kapag kinakarga ng kanyang ina at ama. Hindi mo kailangang mag-alala kung masanay silang nagpapakarga. Mula mga 6 na buwan dumarami ang mga batang umiyak sa gabi. Kung mukhang nagugutom, maaari mong pasusuhin o bigyan ng gatas kahit hating-gabi. Kailangan din silang kausapin, kargahin/yakapin, at kung minsan ay laruin.

1~2か月頃の赤ちゃんが、おむつの汚れ、空腹以外で泣いたりぐずっているときは、だっこして十分なだめであげましょう。赤ちゃんはお母さん、お父さんに抱かれると安心して泣き止みます。抱きぐせがつくと心配する必要はありません。6か月頃から夜泣きをする子がふえてきます。おなかがすいている様子があれば、夜中でも母乳やミルクをあげてかまいません。話しかけたり、抱いたり、ときには遊んであげたりすることも必要です。

**◎Gustong-gusto ng mga sanggol ang kinakarga** 赤ちゃんはだっこが大好き  
Gustong-gusto ng mga sanggol ang kinakarga sila. Kung ang iyong sanggol ay natatakot o balisa, kargahin at aliwin ng husto upang mapanatag siya.

赤ちゃんはだっこが大好きです。赤ちゃんがこわがったり、不安そうにしたりしているときは、だっこしてよくなだめて安心させてあげましょう。

#### **◎Kausapin ang iyong sanggol** 赤ちゃんに話しかけましょう

Sa 3 ~ 4 na buwan, ang sanggol ay magsisimula ng ngumiti kapag nilalaro, at gumagawa na ng mga tinig na parang kinakausap ka ng sanggol. Tumingin sa mukha ng sanggol, kausapin at laruin.

3~4か月になると、あやすとにっこり笑ったり、赤ちゃんから話しかけるような声を出したりするようになってきます。赤ちゃんの顔をのぞきこみ、話しかけて遊んであげましょう。

#### **◎Mag-aalaga din ng bata ang ama** お父さんも育児を

Ang ama ay kailangan ding magkaroon ng matatag na ugnayan sa sanggol. Magsimula sa kung ano ang kayang gawin tulad ng pagpapalit ng lampin o pagpapaligo. Kung maihahabilin ng ina ang sanggol sa ama upang makalabas ng bahay, makakatulong ito sa ina.

お父さんも赤ちゃんとスキンシップをしっかりとち、おむつを替えたり、お風呂に入れたり、できることから始めましょう。お母さんがお父さんに赤ちゃんを任せて外出できるようになると、お母さんも助かります。

#### **◎Kumakain** 食べること

Naglalaro ang mga sanggol sa pamamagitan ng pagsuso ng kanilang mga daliri at paglalagay ng mga laruan sa kanilang mga bibig. Ang pagdevelop ng bibig ay hinihikayat, kaya bigyan ng malinis na laruan at iba pa. Kapag ang sanggol ay nasa 9 ~ 10 buwan na, nais na nilang kumain sa kanilang sarili.

赤ちゃんは指をしゃぶったり、おもちゃを口に入れたいして遊びます。口の発達が進みますので、おもちゃなどは清潔にして与えましょう。9~10か月頃になると、自分で食べたがるようになります。

#### **◎Ang pagkamahiyain / nangingilala ay katibayan din ng paglaki**

##### **人見知りも成長の証拠**

Ang pagkamahiyain ay katibayan na ang sanggol ay marunong nang kumilala ng kapamilya at ng hindi kilalang tao, nag-iiba nga lang ang panahon at kung gaano ito katindi sa bawat bata. Paunti-unting gumawa ng pagkakataon para sa iyong sanggol na makasama ang kasing-edad na bata.

人見知りは、子どもによって時期や程度はまちまちですが、家族と見慣れない人の区別ができるようになった証拠です。同じくらの年の子と一緒にいる機会も、少しずつ作ってあげましょう。

## **Pagkabata (mga 1 taong gulang)**

### **幼児期 (1歳頃)**

#### **◎Ang ego ay umusbong 自我が芽生えてきます**

Habang dumadami ang mga bagay na nagagawa ng sarili, mas lalo silang nakakaramdam na gawin ng sarili ang anumang gusto nilang gawin. Ang mga bata ay maaaring umiyak, magalit, o magsisigang kung hindi nila magawa ang nais nila, ngunit bigyan sila ng papuri kapag sila ay mahusay upang maudyok sila.

自分でできるが増えるにつれ、なんでも自分でやりたいという気持ち芽生えてきます。思うとおりにできずに、泣いたり、怒ったり、大声をあげたりすることもあります。うまくできたときはほめてあげて、やる気を育てましょう。

#### **◎Basahan sila ng mga picture book at kausapin**

絵本を読んだり、お話ししてあげましょう

Kapag ang bata ay mga 1 taon 6 na buwan na, ituturo na nila ang mga hayop at mga bagay. Makipaglaro sa mga bata sa pamamagitan ng mga picture book atbp. Huwag papanoorin ng TV, DVD, smartphone o tablet sa mahabang oras, at dagdagan ang oras ng pagbabonding ng magulang at anak upang mahikayat ang pagdevelop ng wika ng mga bata.

1歳6か月頃になると、動物やものを指差して教えてくれるようになります。一緒に絵本などを見て遊んであげましょう。親子のふれあいの時間を増やし、言葉の発達を促すためにも、テレビ、DVD、スマートフォンやタブレットなどを長時間見せるのはやめましょう。

#### **◎Ayusin ang pamumuhay, at mag-ehersisyo ng marami**

生活リズムを整え、体をたくさん動かしましょう

Kung matutulong at gigising nang maaga, ang bata mismo ay makakapaglaro ng masigla, at ang mga magulang ay magkakaroon ng mas maraming oras upang masiyahan sa pagpapalaki ng kanilang mga anak. Maglakad at tumakbo, igalaw ng husto ang katawan, gumawa ng mga pagkakataon na makakapagpasaya.

早寝早起きの生活にすると、子ども自身も元氣よく遊べ、親も余裕を持って楽しく子育てができるようになります。歩いたり走ったり、体を十分に動かして、いきいきと楽しめる機会を作ってあげましょう。

## **Pagkabata (mga 2 taong gulang)**

### **幼児期 (2歳頃)**

#### **◎Maglaro sa lugar na walang panganib 遊びは危険のない場所で**

Ang mga bata ay lalong kahihigiligan ang pagtakbo at pag-ehersisyo. Hanggat maaari, gumawa ng mga pagkakataon na makapaglaro sa labas at makipaglaro sa mga kaibigan, at hayaan silang maglaro nang malaya sa mga lugar na walang panganib. Ang mga bata ay nasisiyahan na sa pagguhit gamit ang krayola atbp., at naglalaro at gumagawa ng bagay na makabuluhan gamit ang mga building blocks. Makipaglaro sa mga bata.

走ったり、体を動かしたりすることがますます好きになります。なるべく外遊びや友だちとの遊びの機会を作り、危険のない場所で自由に遊ばせてあげましょう。クレヨンなどでなぐり書きを楽しんだり、積木やブロックでなにか意味のあるものを作ったりして遊ぶようになってきます。一緒に遊んであげましょう。

#### **◎Lumalakas ang tiwala sa sariling kakayahan 自立心が強くなります**

Gusto nang kumain at magpalit ng mga damit sa kanilang sarili. Madalas ng umiyak at magalit dahil hindi nila magawa nang maayos, ngunit dapat purihin nang unti-unti ang mga bata at dagdagan ang magagawa nila. Kapag ang bata ay natatakot o nagkaroon ng bagong karanasan, at nangailangan ng ina at ama, malumanay silang yakapin/kargahin atbp., at kalmahin.

食事や着替えなど、自分ひとりでたがえるようになります。うまくできずに泣いて怒ることも多いのですが、少しずつほめながら、できることを増やしていきましょう。こわいことや、新しい体験に出会ったりして、お母さん、お父さんを求めたときには、だっこなどして優しく受け入れ、なぐさめてあげましょう。

## ◎ Simulan ang paunti-unti pagsasanay ng walang lampin

少しずつ、おむつを取る練習を始めましょう

Masasabi na ng bata kung "nakaihi" at "nakatae" sila, at maiintindihan na rin nila ang salitang "sabihin mo pag tumae ka o umihi". Purihin kung nagtagumpay ang bata, at huwag pagalitan kung hindi man, dahil magagawa rin ito ng bata ng hindi mo namamalayan. Matagal pa bago mahinto ang paggamit ng lampin sa gabi.

「おしっこが出た」「うんちが出た」と言えるようになり、「出たら教えてね」という言葉も理解できるようになります。できたらほめる、失敗しても叱らないようにしていると、いつの間にかできるようになるものです。夜のおむつが取れるのはまだ先です。

## ◎ Isagawa ang pag-iwas sa cavities むし歯予防に取り組みましょう

Ito ay panahon na madaling mabulok ang ngipin. Pagpasyahan ang bilang at oras ng meryenda, magbrush ng ngipin pagkakain, at gumamit ng fluoride upang maiwasan ang pagkakaroon ng cavities.

むし歯がしやすい時期です。おやつ回数の回数や時間を決める、仕上げみがきをする、フッ化物塗布を行うことによりむし歯を予防することができます。

## Pagkabata (mga 3 taong gulang)

### 幼児期 (3歳頃)

## ◎ Panahon na naglalambing pa rin ang mga bata まだまだ甘えたい時期です

Mga ama't ina, yakapin ang inyong anak ng may ngiti.

お父さん、お母さんは笑顔で子どもを抱きしめてあげましょう。

## ◎ Nagsisimula ng ipagpilitan ang sarili 自己主張が始まります

Ang mga bata ay maaari ng sabihin ang gusto at ayaw, ipagpilitan ang sarili, at humingi ng makasariling kagustuhan. Huwag tumanggi nang hindi naririnig ang panig nila, pakinggan muna sila saka malumanay na tratuhin. Panahon ito na nais nilang gawin ang mga bagay sa kanyang sarili. Hayaan silang gawin ang kanilang makakaya, at tulungan ng kaunti sa bagay na hindi nila magawa ng tama.

好き嫌い、自己主張、自分本位な要求をすることがあります。一方的に拒否しないで、まず耳を傾けて、優しく対応しましょう。自分のことは自分でやりたがる時期です。ちゃんとできなくても、ちょっとだけ手を貸しながら、できることはやらせましょう。

## ◎ Pagalitan sa maayos na paraan 上手に叱りましょう

Pigilan sila sa paggawa ng mga bagay na mapanganib o hindi dapat gawin, ngunit huwag maging emosyonal sa pagsasabi kung bakit hindi nila dapat gawin ang bagay na iyon. Purihin sila kapag nalaman na nila iyon.

危ないことやしてはいけないことについては、感情的にならず、なぜいけないのかを丁寧に伝えて、やめさせましょう。わかるようになったらほめてあげましょう。

## ◎ Mag-enjoy sa pagkain kasama ang pamilya 家族で食事を楽しみましょう

Mahalagang magkaroon ng masayang kainan at pagtitipon kasama ang buong pamilya. Ang puwersa ng pagnguya ay lumalakas mula sa edad na 3 taon pag tumubo na lahat ng baby teeth o unang ngipin. Pakainin na rin ng mga solid food at hayaan silang ngayain ang pagkain ng dahan-dahan. Ang malusog na paglaki at pagdevelop ng panga, tulad ng pagsasara ng bibig at pagnguyang mabuti pag kumakain atbp., ay nagbibigay ng positibong epekto sa alignment ng permanenteng ngipin.

家族そろった楽しい食事と団らの場は大切です。乳歯が生えそろう3歳以降はかむ力も育ってきます。多少歯ごたえのある物もゆっくりかんで食べさせましょう。口を閉じてよくかんで食べることなどによる健やかなあごの成長発育は、永久歯の歯並びにも良い影響を与えます。

## **Pagkabata (mga 4 na taong gulang)**

### **幼児期 (4歳)**

#### **◎Aktibong makipaglaro sa mga kaibigan** 友だちと遊ぶ機会を積極的に

Sa edad na 4 na taon, masisiyahan na ang mga bata sa paglalaro ng mga larong may papel na ginagampanan (role-play, bahay-bahayan, hero play, kotse-kotsehan atbp.). Gumawa ng mga pagkakataon na makalaro nila ang kanilang mga kaibigan.

4歳頃になると、役割を持った「ごっこ遊び」（ままごと、ヒーローごっこ、自動車ごっこなど）を楽しむようになります。友だちと遊ぶ機会を積極的に作ってあげましょう。

#### **◎Hayaan ang bata na tulungan ka** お手伝いしてもらいましょう

Sa bahay, mabuti para sa mga bata ang magkaroon ng parte na tumulong. Paunti-unting magpatulong sa kanila, tulad ng paghahanda at pagluluto ng pagkain.

家庭で、手伝いの役割を持つことは良いことです。食事の準備や調理など、できることを少しずつ手伝ってもらいましょう。

#### **◎Purihin ang mga magagandang bagay** 良いところをほめてあげましょう

Hanapin ang magagandang bagay sa anak at purihin sila. Making sa iyong anak, kahit na ikaw ay abala.

子どもの良いところを探して、ほめましょう。忙しくても、お子さんの話に耳を傾けましょう。

## **Pagkabata (5 ~ 6 na taong gulang)**

### **幼児期 (5~6歳)**

#### **◎Tratuhin ang anak nang may kabaitan** 優しい気持ちで接しましょう

Ang mga bata ay ginagaya ang kanilang mga magulang. Kapag ang magulang ay mabait sa anak, lumalaki silang mabait.

子どもは親のまねをします。親が優しく接することで、子どもも優しく育ちます。

#### **◎Makipag-ugnay sa paglalaro ang mga magulang at mga anak**

##### 親子でふれあい遊びを

Ang pinong paggalaw ng mga kamay ay nadevelop na, at nagagamit na nang maayos ang gunting at lapis. Bakit hindi ka gumawa ng ilang bagay sa magulang at anak na gumagamit ng iba't ibang mga materyales sa bahay? Ang mga bata ay matututo ng maglaro ng bola.

手先の細かな動きが発達し、はさみや鉛筆も上手に使えるようになります。家にある様々な材料を利用して、親子で何か作ってみてはいかがでしょう。ボール遊びもできるようになります。

#### **◎Hayaan silang magpalit ng damit sa kanilang sarili**

##### ひとりで着替えをさせましょう

Kahit abutin sila ng oras, hikayatin pa rin, at purihin kapag nagawa nila.

時間がかかっても、励まし、出来たらほめてあげましょう。

#### **◎Hayaan ang bata na magkaroon ng papel sa bahay**

##### 家の中で役割を持たせましょう

Hayaan ang iyong mga anak na makakatulong sa pag-aayos at pagliligpit ng mga pinggan at iba pa ng may kasiyahan. Sanayin din sila na matutong magligpit ng mga laruan pagkatapos laruin.

食器を並べたり、片付けたりするお手伝いなどを楽しくさせましょう。遊んだ後のおもちゃの後かたづけも、自分でできる習慣をつけましょう。

## ◎Nadidevelop ang wika at imahinasyon 言葉や想像力が発達します

Sa edad na 5 taon, ang pagbigkas ay nagiging malinaw at maganda. Kung ang anak ay nalilito sa pagbigkas ng salita sa linya ng "ta" at "sa" o kung ang mga salita ay hindi lumabas nang maayos, ang mga matatanda ay dapat makinig sa bata ng dahan-dahan at magsalita nang may wastong pagbigkas sa halip na iwasto sila ng sapilitan. Isipin ang kakayahan ng imahinasyon ng anak, at samahan silang mag-isip kung anong kasunod ng kwento sa picture book at iba pa.

5歳になると発音がはっきりし、きれいになってきます。タ行とサ行が混乱したり、言葉がつかえたりするときは、大人はむりに直そうとせず正確な発音でゆっくり話を聞いてあげましょう。絵本の続きのお話を一緒に考えるなど、子どもの想像力につき合ってください。

## ◎Pahalagahan ang mga pangako at panuntunan 約束やルールを大切に

Nagkakaroon na ng malapit na kaibigan at lagi nang magkasama sa paglalaro. Habang nakakaranas ang mga bata ng iba't ibang bagay kasama ng kanilang mga kaibigan, natututo silang makisalamuha sa lipunan. Hikayatin ang anak na sundin ang mga pangako at patakaran, at pahintuhin sila na kumilos lamang sa kanilang gusto at ayaw. 仲良しの友達ができて、よく一緒に遊ぶようになってきます。友達とさまざまな体験をするなかで社会性を身につけていきます。約束やルールを守り、自分の好き嫌いだけで行動することから卒業するように、励ましてあげましょう。

## ◎Ang mga permanenteng ngipin ay nagsisimulang tumubo

### 永久歯が生え始めます

Dahil ito ay mahalagang ngipin na gagamitin sa habang-buhay, sa pagpapalit pa lang ng mga ngipin nila ay linangin na silang magsipilyo sa kanyang sarili. Ang mga ngipin sa likod ay madaling nagkakaroon ng cavity, kaya ituloy pa rin ng magulang na sipilyuhin ang mga iyon bilang lubusang pagsisipilyo para sa bata.

一生使う大切な歯ですから、生えかわりをとらえて自分から歯みがきをする自主性を養いましょう。奥歯は大変むし歯になりやすいので、仕上げみがきを続けましょう。

\* Mga tip sa pangangalaga ng bata

※子育てのヒント集

homepage ng Ministri ng Edukasyon, Kultura, Isports, Agham at Teknolohiya "Edukasyon sa tahanan upang mapangalagaan ang kinabukasan ng mga bata"

(<http://katei.mext.go.jp/index.html>)

文部科学省「子供たちの未来をはぐくむ家庭教育」ホームページ

(<http://katei.mext.go.jp/index.html>)

子育てのヒント集として「家庭教育手帳」を掲載しています。



## Mga sakit at pinsala ng mga bata

### 子どもの病気やけが

Hindi bihira sa mga bata na magkaroon ng mga impeksyon, mapaso, masugatan, makalunok ng bagay ng di sinasadya at iba pang aksidente. Kapag ang tagapangalaga na laging nakakaharap ng bata ay nakaramdam ng "iba kaysa sa normal" o "parang may mali/kakaiba", obserbahang mabuti ang kalagayan ng bata. Kung mayroon kang anumang mga alalahanin, humingi ng payo sa iyong doktor.

子どもは、感染症にかかったり、やけど、けが、誤飲などの事故にあってりすることも稀ではありません。いつも子どもと接している保護者が、子どもの様子が「普段と何かが違う」「どこかおかしい」と感じたときには、よく子どもの状態を観察しましょう。心配な点がある場合には、かかりつけ医に相談しましょう。

### ◎Tungkol sa pagpapatingin sa mga pagamutan 医療機関への受診について

Kung nahihirapang huminga, nananamlay, nagsusuka ng paulit-ulit, kinukumbulsyon, o parang mawawalan ng malay, kinakailangang magpatingin sa mga pagamutan. Kapag nagpatingin sa pagamutan, gumawa ng tala ng mga sintomas ng iyong anak, ang kanilang mga pagbabago, at oras niyon. Gayundin, mayroong mahalagang record sa Gabay sa Kalusugan ng Ina at Sanggol, kaya siguraduhing dadalhin ito.

呼吸が苦しそう、ぐったりしている、何度も吐く、けいれん、意識を失うような症状が見られた場合には、必ず医療機関を受診しましょう。医療機関を受診する際には、子どもの症状、その変化、時間をメモしておきましょう。また、母子健康手帳にはこれまでの重要な記録があるので、必ず持参しましょう。

- Serbisyo sa medikal na konsultasyon sa telepono para sa bata (numero ng telepono: #8000 (Speed dial na pareho sa buong Japan))

- 子ども医療電話相談事業 (電話番号: #8000 (全国同一の短縮ダイヤル))

Kung hindi mo alam kung paano harahapin ang mga sintomas ng iyong anak sa bakasyon o sa gabi, o kung dapat ka bang pumunta sa ospital atbp., maaari kang makatanggap ng payo mula sa mga pediatrician at nurse kung ano ang nararapat gawin ayon sa mga sintomas at kung saang ospital magpapatingin at iba pa.

休日、夜間の子どもの症状にどのように対処したら良いのか、病院を受診した方が良いのかなど判断に迷った時は、小児科医師や看護師から、症状に応じた適切な対応の仕方や受診する病院等のアドバイスを受けられます。

- \* Ministri ng Kalusugan, Labor at Welfare "Tungkol sa Serbisyo sa medikal na konsultasyon sa telepono para sa bata (#8000)"

Tingnan sa(<http://www.mhlw.go.jp/topics/2006/10/tp1010-3.html>)

- \* (Public Corporation) website ng Japan Pediatric Society na "Pang-emergency ng Bata" na website(<http://kodomo-qq.jp/>)

- ※厚生労働省「子ども医療電話相談事業 (#8000) について」

(<http://www.mhlw.go.jp/topics/2006/10/tp1010-3.html>)

- ※(公社)日本小児科学会「こどもの救急」ホームページ (<http://kodomo-qq.jp/>)

### ◎Upang magamit ng tama ang mga antibiotics (mga antibacterial na gamot)

#### 抗生物質 (抗菌薬) を正しく使うために

Ang mga antibiotics (antibacterial) ay mga gamot na pumapatay sa bakterya at hindi gumagana sa virus na nagdudulot ng "sipon" o influenza/trangkaso. Maaari rin itong maging sanhi ng mga masamang epekto at makagawa ng bakterya na hindi gumagana sa mga antibiotics (bakterya na lumalaban sa gamot). Upang matukoy kung kailangan ang antibiotics, kapag nagpatingin ka ng dahil sa "sipon", sabihin sa iyong doktor ang detalye ng mga sintomas at magtanong kung mayroon ka pang bagay na gustong malaman. Gayundin, kung inireseta ito, sundin ang tamang dami at panahon ng pag-inom nito.

- \* Tungkol sa Antimicrobial Resistance (AMR) (AMR Clinical Reference Center)

Tingnan sa(<http://amr.ncgm.go.jp/general>)

抗生物質 (抗菌薬) は、細菌を退治する薬であり、「かぜ」やインフルエンザの原因であるウイルスには効きません。また、副作用や抗生物質の効かない細菌 (薬剤耐性菌) を産む原因にもなりえます。抗生物質が必要かどうかを慎重に判断できるように、「かぜ」で受診する時には症状を医師にくわしく伝え、わからないことがあれば尋ねましょう。また、処方された場合は量と期間を守りましょう。

- ※薬剤耐性 (AMR) について (AMR臨床リファレンスセンター)

(<http://amr.ncgm.go.jp/general>)



## Konsultasyon tungkol sa mga alalahanin ng ina at ama, at pangangalaga sa bata

### お母さん・お父さんの悩みや子育てに関する相談

Pagkasilang ng sanggol, magiging abalang-abala ang ina at ama. Ang stress ay madaling naiipon sa pag-aalaga ng bata. Samakatuwid, kahit ang karaniwang malusog na ina o ama ay maari ding hindi mabalanse ang isipan at katawan at nagiging mainisin, hindi makatulog, o bigla na lang nagkukulog sa sarili atbp.

赤ちゃんが産まれてから、お母さん、お父さんは大変忙しくなります。子育て中はストレスがたまりやすいです。そのため、普段は元気なお母さん、お父さんであっても、イライラする、眠れなくなる、急にふさぎ込むなど心身の調子がとれなくなることもあります。

### ◎Nararamdaman mo ba ito araw-araw? Balikan natin

日頃こんなことを感じますか?振り返ってみましょう

Nababalisa, nadidepres, hindi nakakatulog o mainitin ang ulo, napapagod ng walang dahilan, hindi nasisiyahan sa pagpapalaki ng anak, hindi alam kung paano laruin ang bata, walang makasama upang makipag-usap sa bata o makatulong atbp.

不安になる、気分が落ち込む、不眠やイライラがある、なぜか疲れる、育児が楽しくない、子どもの遊ばせ方がわからない、子育ての話し相手や手伝ってくれる人がいないなど

### ◎Nag-aalala ka ba tungkol sa iyong anak?

子どものことで不安に思っていることはありませんか

Grabeng umiyak sa gabi, hindi makatulog, ayaw uminom ng gatas ng ina, hindi gusto ang pagkain ng sanggol atbp. Hindi masanay sa mga guro o/at kaibigan sa mga nursery, kindergarten, at awtorisadong childcare center, hindi malinaw magsalita, limitadong interes, hindi mapalagay kapag nasa grupo, hindi sumasagot kapag tinatanong, paulit-ulit ang sinasabi atbp.

夜泣きがひどい、寝つきが悪い、母乳を飲んでくれない、離乳食をいやがるなど  
保育所、幼稚園、認定こども園の先生や友だちになじめない、言葉がはっきりしない、興味を示すものが限られている、集団の中で落ち着いてられない、聞かれたことに答えない、同じ言葉を繰り返すなど

Kung mayroon kayong mga napapansin sa bata o anumang alalahanin, pag-usapan muna ito ng inyong pamilya. Pagkatapos ay maghanap din ng mga taong makakatulong sa pagpapalaki ng iyong anak, bukod sa iyong sariling pamilya.

気になることや、悩みがあるときは、まずは、家族と話し合しましょう。そして、家族以外にも子育ての助けになる人を探してみましょう。

Lahat ay may problema sa pagpapalaki ng mga anak. Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong kalusugan o pagpapalaki ng anak, ibahagi muna ang iyong nararamdaman sa iyong pamilya at pag-usapan ito nang mabuti. Ang mga bata ay lumalaking suportado ng maraming tao. Ang ina at ama ay hindi dapat mamroblema ng sila lamang, at huwag mag-atubiling kumunsulta sa mga public health center ng prefecture at munisipalidad, mga health center, Comprehensive support center para sa nagpapalaki ng anak, at mga doktor ng pamilya.

Gayundin, ang mga magulang at mga anak na nakilala sa klase ng mga nanay (magulang), pati na rin mga boluntaryo atbp. para sa pagpapalaki ng mga bata sa kapitbahayan, ay mga kaibigan sa malapit at kasamang nag-iisip tungkol sa pagpapalaki ng mga bata. Ang paggawa ng mga kakilala sa pamamagitan ng paggamit ng postpartum care, konsultasyon sa pangangalaga ng bata, mga classroom ng pagpapalaki ng bata, samahan ng mga nagpapalaki ng bata atbp. ay makakatulong para mawala ang stress ng mga ina at mga ama.

子育ての悩みは誰にでもあります。自分の健康や子育てについて悩みがあるときは、まず、自分の気持ちを家族に伝え、よく話し合しましょう。子どもは多くの人の手に支えられて育っていきます。お母さん、お父さんだけで悩まず、都道府県、市区町村の保健所、保健センター、子育て世代包括支援センター、かかりつけ医などに気軽に相談してみましょう。また、母親（両親）学級などで知り合った親子、近隣の子育てボランティアなどは、身近なところで子育てのことを一緒に考えてくれる仲間です。産後ケア、育児相談、子育て教室、子育てサークルなどを利用して、こうした知り合いをつくることも、お母さん、お父さんのストレス解消に役立ちます。

Institusyon ng konsultasyon para sa mga alalahanin ng ina at ama, at pangangalaga sa bata  
お母さん・お父さんの悩みや子育てに関する相談機関

### ◎Mga problema sa katawan at isipan ng ina at ama, Paglaki at pag-unlad ng bata, Konsultasyon ukol sa paraan ng pagpapalaki ng bata

お母さん・お父さんのからだや心の悩み、子どもの発育や発達、子育ての仕方に関する相談  
Pagamutan ng pamilya, Comprehensive support center para sa mga nagpapalaki ng bata, Public health center ng munisipalidad, Health center, Mental health and Welfare center, Support center para sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad, Support center para sa pag-unlad ng bata  
かかりつけの医療機関、子育て世代包括支援センター、市町村保健センター、保健所、精神保健福祉センター、発達障害者支援センター、児童発達支援センター

Pangalan 名称		Telepono 連絡先	
Pangalan 名称		Telepono 連絡先	
Pangalan 名称		Telepono 連絡先	

### ◎Konsultasyon sa mga alalahanin sa pangangalaga sa bata at sa pamumuhay

養育上の悩みや生活の不安などに関する相談  
Comprehensive support center para sa mga nagpapalaki ng bata, Himpilan ng lokal na suporta sa pangangalaga ng bata, Kindergarten, Nursery school, Awtorisadong institusyon na nangangalaga ng bata, Bahay ng mga bata, Punong miyembro ng komite ng mga bata (\*), Social worker / Commissioned child welfare volunteer (\*), Welfare office, Consultation center para sa mga bata, Himpilan ng pangkalahatang suporta para sa mga bata at pamilya sa munisipalidad

[ Consultation center para sa mga bata sa buong bansa dial 189 ]

[ DV Consultation navigation sa buong bansa dial 0570-0-55210 ]

子育て世代包括支援センター、地域子育て支援拠点、幼稚園、保育所、認定こども園、児童館、主任児童委員(※)、民生・児童委員(※)、福祉事務所、児童相談所、市区町村子ども家庭総合支援拠点

【児童相談所全国共通ダイヤル189】

【DV相談ナビ全国共通ダイヤル0570-0-55210】

Pangalan 名称		Telepono 連絡先	
Pangalan 名称		Telepono 連絡先	
Pangalan 名称		Telepono 連絡先	

\* Kinomisyon ng Ministro ng Kalusugan, Labor at Welfare, at nagbibigay ng kinakailangang suporta tulad ng konsultasyon sa mga problema sa pagpapalaki ng bata at alalahanin sa panahon ng pagbubuntis, tulong, at nakikipag-ugnayan sa mga kaugnay na mga organisasyon sa pamumuna ng Welfare office atbp.

※厚生労働大臣から委嘱され、子育ての不安、妊娠中の心配ごとなどの相談、援助、福祉事務所を始めとする関係機関との調整など必要な支援を行っています。

◎**Lokal na suporta para sa pangangalaga sa bata** 地域の育児サポート

Kung napagod sa pangangalaga ng bata o nagkasakit, maaaring gamitin ang lokal na suporta sa pangangalaga sa bata. Sa partikular, ang mga ito ay Nursery school atbp. na pansamantalang mailalagak ang mga bata para sa "pansamantalang pangangalaga" at "short stay", "Family Support Center" na nagsasagawa ng mga activities upang suportahan ang bawat isa na nagpapalaki ng anak sa komunidad, "Comprehensive support center para sa nagpapalaki ng bata" at "Himpilan ng pangkalahatang suporta para sa mga bata at pamilya sa munisipalidad" na nagbibigay ng konsultasyon at suporta para sa pagbubuntis, panganganak at pag-aalaga ng bata, "Himpilan ng lokal na suporta sa pangangalaga ng bata" na nagbibigay ng lugar kung saan ang mga magulang at anak ay madaling magtipon at makipag-ugnayan at nagbibigay ng payo at impormasyon sa pangangalaga ng bata sa komunidad, at may mga home visit / pagbisita sa bahay na nagbibigay ng suporta sa gawaing bahay, gabay sa pangangalaga ng bata, suporta sa edukasyon sa bahay atbp. Depende sa rehiyon, maaaring magamit ang iba't ibang mga serbisyo ng gobyerno, kaya mangyari lamang na kontakin ang tanggapan ng munisipyo na namamahala sa kalusugan, kapakanan, pag-aalaga ng bata at edukasyon sa pamilya.

育児に疲れてしまったときや病気になったときなどは、地域の育児サポートを利用するのも良いでしょう。具体的には、保育所などで子どもを一時的に預かる「一時預かり」や「ショートステイ」、地域における子育ての相互援助活動を行う「ファミリー・サポート・センター」、妊娠、出産や子育てに関する相談・支援などを行う「子育て世代包括支援センター」や「市区町村子ども家庭総合支援拠点」、身近なところで子育て親子が気軽に集まって交流する場を設けて子育てに関する相談や地域の子育て情報を提供する「地域子育て支援拠点」、家事支援、育児指導・家庭教育支援などを行う家庭訪問があります。地域によっては、この他さまざまな行政サービスを利用できる場合もありますので、市区町村の保健、福祉、子育て支援、家庭教育支援の担当課にお問い合わせください。

Pangalan 名称		Telepono 連絡先	
Pangalan 名称		Telepono 連絡先	
Pangalan 名称		Telepono 連絡先	

